# *Tumitingin Sa Di Nakikita*

Tila napakainam pong makabalik sa bahay ng Panginoon, ngayong gabi, matapos ang kamangha-manghang gabi katulad nung kagabi. At nagtamasa tayo ng maluwalhating panahon, nitong nakalipas na dalawa o tatlong gabi rito sa gusaling ito, at nagpapasalamat tayo sa ating Makalangit na Ama para dun. May mga kaluluwang naipanganak papasok sa Kaharian ng Diyos. At maging 'yung magagandang ulat mula sa mga gawain ng pagpapagaling!

2 At nakatanggap tayo ng balita kani-kanina lang, na 'yung batang babae na taga-saang dako rito sa itaas lang, sa isa pong siyudad, na may leukemia, nung. . .ang batang babae nga'y idineklara nang maigi ang kalagayan, ngayong araw, ng kanya pong doktor, na ang—ang paslit ay magaling na. Uh-huh. At sila. . .Ang bata'y magiging misyunero raw. Naalala n'yo 'yung kaso na 'yun. At—at si Satanas nga'y sinusubukan na—na ang bagay na 'yun ay agawin mula sa bata. Pero ang bata po'y idineklarang maigi at magaling na, ng kanyang doktor.

3 At maging 'yung bulag na ministro na narito na natanggap niya ang paningin niya, at ang iba pa! At napakarami ngang dakilang mga bagay na ginagawa ang Panginoon.

4 Ngayon, kagabi po'y isinama ko ang isang grupo sa silid panalanginan dito, para makita kung yaong bagong pagmi-ministeryo na ipinangakong darating ay iiral sa tabernakulo rito, bago tayo dumako sa mga tolda. Buweno, ngayon, sa abot po ng aking nalalaman, wala pa ngang. . .Nung pagkapasok na pagkapasok ko mismo roon, ang Espiritu ng Panginoon ay dumating, at Ito'y nagsimulang tumalos ng mga espiritu, at sinasaysay sa mga tao ang kanilang mga suliranin at iba pa.

5 Pero, bigla lang akong napaisip. Tinanong ko ang mga tao roon, kung posible ba na sila'y makapanatili muna. Gusto kong tanungin sila kung mayroong pagbabago sa kanila. Kung may naramdaman ba sila na pinagaling sila, o anumang pagbabago na kitang-kita mismo; tinatawag ko ang pansin nila, ngayong gabi, kung matatawag ko sila, kung makapapasok sila rito sa gusali, sige't kung maitataas nila ang kanilang kamay. Ngayon, kung nandito pa sila, at hindi pa nakakauwi, haya't taga-ibang bayan pa kasi sila. At kung di pa sila umuuwi, at nandito sa loob ng gusali, at nakaramdam kayo ng malaking pagbabago, puwede n'yo po bang itaas ang inyong kamay. Sila, na, mga naparito sa gusali kagabi, na ipinanalangin dito. At dahil wala po akong nakikitang kamay, di ko lang alam kung ang mga tao'y narito pa.

6 Hayun, isa, may isa sa likod dito. Sige. Isa roon. Buweno, mainam 'yan. Naramdaman n'yo ba na may pagbabago, tama po

ba, ginoo, ikaw na nagtaas ng kamay? [Sinasabi ng kapatid na lalaki, "Opo. Nakatayo pa nga po ako, nang buong araw."—Pat.] Buweno, mainam. ["Yumuyuko ako. Di ko kinailangan ng anumang gamot para dun, nang buong araw, o, buweno, kahit kagabi."] Kami. . .Aba'y napakainam po, at nagpapasalamat kami. Wala nga tayong makita na kitang-kita't halata agad, kita n'yo. Dahil. . .

7 At may isang—isang ginang sa silid, na naliligalig siya ng kondisyon sa pag-iisip. At ang Espiritu Santo'y nagsimulang mangusap sa kanya dun, at sinasaysay sa kanya ang mga bagay na nangyari. . .na mga nangyari sa buhay niya, kung saan may inakala siya noon na nangyari sa kanya, pero di naman pala. At sa palagay ko, mayroon kaya ritong mga kapatid, na naroon noon, na makapapatunay. At mangyari po na sinimulan Nitong sabihin sa babae ang tungkol sa isang tao na may mahabang balbas, at mahabang buhok, na nanalangin noon sa kanya. Ang babae po'y. . .wala na sa katinuan niya noon, sabi niya, "Wala." At pagkatapos upang ipakita mismo ang kaeksaktuhan at ang lubos na walang kapintasang Espiritu Santo, bumaling uli Yun, at lumukob sa isa roon, at sinabi sa mga naroon kung sino ba 'yung tinutukoy na tao, at ang lugar kung saan nangyari. Tapos sabi nung babae, "Naalala ko na ngayon." Kahit na matagal na matagal nang mga taon ang nagdaan. Ganoon nga ang Espiritu Santo na walang maipipintas! Oh, Siya nga'y totoong-totoo!

8 Ngayon, siksikan tayo rito, at kahit siguro maliit lang na pagtitipon dito, bago ako humayo uli. At nagagalak ako sa gabing ito, na makatagpo ko, sa pagpasok ko kanina, ang isang matagal ko nang kaibigan, si Kapatid na Rogers, na taga-Milltown, Indiana. At mga kaibigan na mga taon ko nang di nakikita. Si Kapatid na Creech uli, nandito siya kagabi.

9 At ngayong araw, sa mga panayam, kahanga-hanga po ang Espiritu Santo, ngayong araw na ito. At mukha ngang marahil magpapatuloy pa ito nang matagal, hanggang sa makadako na sa tolda, diyan sa ilalim ng siya rin mismong pagmi-ministeryo na taglay ko. Mangyari ngang, dun sa mga panayam ngayong araw na ito, nagkaroon ng apat na dakila't katangi-tanging mga pangitain, sa mga panayam. Kaya, mukha ngang, marahil, akin pa itong ipagpapatuloy hanggang sa marahil magsimula na ang gawain sa mga tolda, o kung saan man na pinili Niya para pagsimulan na ihayag ang Kanyang Pangalan sa bagong paraan. Mangyari po na kapag nangyari na Ito, haya't magiging kasing ganap katulad ng mga iba pa. Ito'y sadya ngang. . .At umaasa po ako sa Diyos na ito'y magiging higit na dakila kaysa sa iba pa. Di dahil ating—ating pagmi-ministeryo ito, bagkus dahil sa mga maysakit at mga nangangailangan. Talagang matindi ang pangangailangan ng bansang ito ngayon!

10 Ngayon didiretso na po tayo sa Salita, at nang sa gayon ang mga nakatayo ay di tumayo nang matagal. Ngayon, unang-una,

bago natin basahin ang Kanyang Salita, makipag-usap muna tayo sa Kanya nang personal, habang iniyuyuko natin ang atin pong mga ulo.

11 Minamahal na Diyos, dumudulog po kami sa Iyong banal na Presensya ngayon, nang may mapagpakumbabang puso at mga ulong nakayuko. At amin pong hinihiling na kami'y Iyong patawarin sa anuman na marahil aming nagawa, o—o naisip, o nasabi man, sa buong araw na ito, na salungat sa Kalooban Mo. Hinihiling po namin sa Iyo na mapagbiyayang patawarin ang bawat isa sa amin.

12 At nagkatipun-tipon kami sa gabing ito para sa wala nang ibang dahilan kundi ang sambahin Ka, at ang maipakita ang amin pong nararamdaman at ang pagsamba ng aming puso sa Iyo. At tiyak kami, Panginoon, na ang munting kongregasyon na nagsisiksikan sa loob ng masikip na mga dingding na ito sa gabing ito, sila'y di nagpunta rito para magpakita lang. Di sila nagpunta rito sa kung anupamang ibang dahilan kundi ang maipahayag nila mismo ang kanilang pag-ibig sa Iyo. Di po sila magtitiis na tumayo sa labas na dudungaw sa mga bintana, at sa palibot ng mga dingding, at ang kanilang mga binti't paa'y mangangalay, para lang makita sila. Naparito sila dahil sila'y nananampalataya, na, "Ikaw ito, at tagapagbigay-gantimpala sa kanila na mga masikap na nagsisihanap sa Iyo."

13 Humihiling po kami ng pagpapatawad ng lahat ng pagkakasala ng mga tao. At Kapangyarihan na magpagaling na maihatid sa mga maysakit at mga nangangailangan. At aming hinihiling sa Iyo na pagpalain ang Iyong Salita, Panginoon, sa aming pagbasa Rito. Salat kami para ipaliwanag ang Salita na ito. Kaya ang Espiritu Santo po nawa'y dumating, at dumako mismo sa Salita, at itanim Ito nang malalim sa puso ng mga tao. At nawa, sa pamamagitan nito, ay magkaroon ng isang dakilang pag-aani ng mga kaluluwa't isang dakilang gawain ng pagpapapagaling. Iyo pong ipagkaloob ito, Panginoon, sapagkat hinihiling namin ito sa Pangalan ni Jesus. Amen.

14 Para sa pagbabasa ng Kasulatan, ngayong gabi, nais kong bumasa mula sa Aklat ng Ikalawang Mga Hari, simula sa ika-8 talata. At ang teksto ko po sa gabing ito ay: *Tumitingin Sa Di Nakikita*.

15 Nung unang gabi, ipinangaral ko ang paksa na: *Hanguin Siya Mula Sa Kasaysayan*. At nung ikalawang gabi, kagabi, ang ipinangaral ko nama'y ang paksang: *Hindi Gayon Sa Pasimula*.

16 At, ngayong gabi, ang teksto ko po ay: *Tumingin Sa Di Nakikita*. Ngayon, Ikalawang Mga Hari, sa ika-6 na kabanata, simula sa ika-8 talata.

*Ang hari nga sa Siria ay nakipagdigma sa Israel, at siya'y kumuhang payo sa kaniyang mga lingkod, na*

*nagsasabi, Sa gayo't gayong dako* maglalagay tayo ng kampamento.

*At ang lalake ng Dios ay nagsugo sa hari sa Israel, na nagsasabi, Magingat ka na huwag dumaan sa dakong yaon; sapagka't doo'y lumulusong ang mga taga Siria.*

*At nagsugo ang hari sa Israel* sa *dakong isinaysay sa kaniya ng lalake ng Dios at ipinagpauna sa kaniya, at siya'y lumigtas doon, na hindi miminsan o mamakalawa.*

*At ang puso ng hari sa Siria ay nabagabag na mainam dahil sa bagay na ito; at kaniyang tinawag ang kaniyang mga lingkod, at sinabi sa kanila, Hindi ba ninyo* ipakikita *sa akin kung sino sa atin ang sa hari sa Israel?*

*At sinabi ng isa sa kaniyang mga lingkod, Hindi, panginoon ko, Oh hari: kundi si* Elias, *na propeta na nasa Israel,* siya *ay nagsaysay sa hari sa Israel ng mga salita na iyong sinalita sa iyong silid na tulugan.*

*At kaniyang sinabi, Ikaw ay yumaon at tingnan mo kung saan siya nandoon, upang ako'y makapagpasundo at dalhin siya. At nasaysay sa kaniya, na sinabi, Narito, siya'y nasa Dothan.*

*Kaya't siya'y nagsugo roon ng mga kabayo, at mga karo, at ng isang malaking hukbo: at sila'y naparoon sa gabi, at kinubkob ang bayan sa palibot.*

*At nang ang lingkod ng lalake ng Dios ay magbangong maaga, at*. . .-libot *sa bayan na may*. . . mga *kabayo at* mga *karo. At ang kaniyang lingkod ay nagsabi sa kaniya, Sa aba natin, panginoon ko! paano ang ating gagawin?*

*At siya'y sumagot, Huwag kang matakot: sapagka't* mayroong *sumasaatin*. . .*higit kay sa* naroon sa *kanila*. . .*sumasa kanila.*

*At si* Elias *ay nanalangin, at nagsabi,* PANGINOON, *Idinadalangin ko sa iyo, na idilat* itong. . .*kaniyang mga mata, upang siya'y makakita. At idinilat ng* PANGINOON *ang mga mata ng binata; at siya'y nakakita: at, narito, ang* mga bundok *ay puno ng mga kabayo at ng mga karo ng apoy*. . .*sa palibot ni* Elias.

17 Ngayon nawa'y idagdag ng Panginoon ang Kanyang mga pagpapala sa pagbabasa ng Kanyang Salita.

18 Nakapagtataka na ang tao na nilikha naman sa larawan at wangis ng Diyos, at tinawag pa nga Niya mismo na lumakad sa pamamagitan ng pananampalataya, na sampalatayanan ang Diyos, ay haya't mas pipiliin na lumakad sa pamamagitan ng paningin sa halip na sa pamamagitan ng pananampalataya; gayong pagkatapos ng lahat-lahat ng pagkakayari sa kanya,

kanyang katauhan, at lahat ng nananahan sa kanya'y ginawa mismo sa wangis ng Diyos. At ang Diyos ang dakilang Jehovah na Siyang tumawag sa mga bagay na wala pa, na tila nariyan na ang mga ito. At ang tao'y, nilikha na mamuhay sa piling ng Diyos sa ganitong paraan, subalit mas pinili na lumakad sa pamamagitan ng paningin. Gusto niyang sarili ang masusunod. Gusto niya'y walang kahit sino ang makapagdidikta sa kanya kung ano ang gagawin. Ganoon ang kalikasan ng tao. Ito nga'y napatunayan sa halamanan ng Eden, nung mawaglit niya ang kanyang pakikisama sa Diyos, sa pamamagitan ng pagpili na pumaroon sa sarili niyang daan, na walang sinuman daw ang makapapamahala sa kanya.

19 Pero ang tao'y nilikha na parang isang tupa. At ang isang tupa ay walang kakayahan na makabalik sa daan nito, 'yun ang sabi sa akin. Kapag naliligaw ito, ganap na ligaw ito. At ganun ang tao. Kapag siya'y naliligaw, ganap na wala siyang magawa. Kailangan niya ng pastol para gabayan siya.

20 At ang tao, sa patuloy niyang pagpipili, sa paglaon ng mga araw, nasumpungan natin na ang tao'y nagiging mas malala ang lagay, dahil sa pagpili na lumakad sa pamamagitan ng paningin sa halip na sa pamamagitan ng pananampalataya, sa Di Nakikita. At kapag ginagawa 'yan ng tao, inuumitan niya ang kaloobang katauhan niya, ang kaluluwa. At 'yun pa naman ang Walang Hanggang bahagi ng tao.

21 Ngayon, "Ang tao'y hindi mabubuhay sa tinapay lamang," sabi ng Panginoon, "kundi sa bawat Salita na nanggagaling sa bibig ng Diyos."

22 At ang pisikal na katauhan ng tao, na mapangalagaan 'yun, haya't hindi 'yun ang buong rason kung bakit inilagay ng Diyos ang tao sa lupa, dahil kahit na ano pang pangangalaga ang gawin ng tao sa pisikal niyang katawan ay maliit na halaga lang 'yun. Ang kaluluwa niya, ang importante. Ang katauhan na nasa loob, na di rito sa lupa nanggaling. Iyon ay nanggaling sa Langit, at 'yun ang Walang Hanggang bahagi ng tao.

23 Pero, gayunman, nakapagtataka na pilit siyang gumagawa ng sarili niyang daan. At makikita natin sa mga Kasulatan, na, kapag pinipili ng tao na lumakad sa sarili niyang daan at gawin ang bagay na nais niya, haya't hinahayaan siya ng Diyos.

24 Di dapat umaasa ang tao sa sarili niyang pag-iisip, bagkus ang dapat ay itulot niya na ang pag-iisip na nakay Cristo'y mapunta sa kanya. Di dapat tayo umaasa sa sarili nating pag-iisip. Ang dapat nga'y itinuturing natin ang anumang bagay na salungat sa Kanyang sinabi na ang bagay na 'yun ay wala. Kahit na ano pa ang ipahayag ng ating mga mata, di tayo dapat mamuhay sa pamamagitan ng nakikita natin. Mamuhay dapat tayo sa pamamagitan ng sinasampalatayanan natin.

25 Mga ilang araw lang ang nakararaan, may pinakikinggan akong programa sa radyo, nung papunta ako sa Sunday school, at 'yung programa'y isang paikot na diskusyunan, tampok ang mga kabataang disi ang edad, sa Louisville. "Ano ba ang mas mahalagang bagay? Na ang dalagita ba'y maghahanap ng isang binatilyo na paalon-alon ang buhok; o, sa lalaki naman, ang dalagita ay dapat may mapupungay na asul o kulay tsokolateng mata? May lamang ba 'yung ganoon?" Mistula ngang 'yun ang pinaka importante sa isang kabataang disi ang edad. Pero di 'yun ang pinaka importanteng bagay.

26 Ang pinaka importanteng bagay ay, ang masumpungan ang inyong Diyos, inyong Manlilikha. Huwag kayong mag-asawa na makikipamatok kayo. Mag-asawa kayo ng lalaki na siya'y sumasampalataya nang ganap na katulad sa iyo. Dahil, kung tutuusin, ang Diyos ang pinaka mahalaga't importanteng bagay kung bakit inilagay tayo sa mundo para gampanan, na tayo'y makapaglingkod sa Kanya. At kung mag-aasawa lang kayo o anupa't salungat mismo Roon, pagbabayaran n'yo 'yun sa mga araw na kakaharapin n'yo. Lagi n'yo dapat tatandaan, "sa pamamagitan ng pananampalataya," hindi sa pamamagitan ng paningin. "Ang mga ganap ay mamumuhay sa pamamagitan ng pananampalataya." At dapat tayong tumuon sa Di Nakikita.

27 At aabutin tayo ng maraming oras, sa pangungusap tungkol sa modernong panahon, kung papaanong ang mga kalalakihan at mga kababaihan, ngayon, nakadepende lang sila sa kanila mismong nakikita. At nagpupunta sila sa kalsada, at pipili sila ng isang simbahan na pupuntahan nila, at isasama ang kanila ngang mga anak dun. At maghahanap sila sa buong palibot ng siyudad, hindi nga ang pinaka espirituwal na iglesya ang hanap nila, kundi ang pinaka malaking simbahan na mahahanap nila, 'yung may—may—may pinaka bigating mga dumadalo, at 'yung pinaka magagarbong manamit, at kung ang sikat na tao ba ng siyudad ay dumadalo sa simbahan na 'yun, anupa't tinatawag na "primera klase," sa abot ng kaisipan ng tao. At pagkatapos, sa iglesya na 'yun, ang hinahanap nilang ministro dun ay 'yung, tinatawag nilang, "di-makitid ang isip," na hahayaan lang sila na mamuhay sa paraan na gustuhin nila, at basta't kaanib sila ng iglesya.

28 Pero ang espirituwal na katauhan, sa kaibuturan, kung ito nga'y pagbibigyan n'yo na pumili ng daan, marahil dadalhin nito kayo sa isang maliit na pagmimisyon sa kung saan, kung saan walang masyadong katao-tao, pero naroon ang Espiritu ng buhay na Diyos. Dahil, yaong panlabas na katauhan ay nanginginain sa sikolohiya't intelektuwal, pero ang panloob na katauhan ay nanginginain sa Salita ng Diyos.

29 At ngayon kung maibubuklat lang natin, sa ating mga Biblia, ang ilan sa mga tauhan sa Kasulatan, aabutin nga tayo ng maraming oras para tugaygayin isa-isa. Pero sige't bulayin na

lang natin ang Aklat ng Mga Hebreo, sa ika-11 kabanata, nang ilang saglit. At mababasa natin dito, na si Abraham, isa lang siyang ordinaryong tao, at nakatira siya sa siyudad ng Ur sa lupain ng mga Caldeo. Haya't ordinaryong tao lang siya ng pangkaraniwang lakad sa buhay, pero isang araw nakatagpo niya ang Diyos. At si Abraham ay nabago, mula nung araw na 'yun. Kahit na gaano pang kainam ang padalo-dalo niya sa kanyang simbahan, sa simbahan ng kanyang tatay, pero, heto't nung minsan lang na makatagpo niya ang Diyos, isa siyang nabagong lalaki.

30 At naniniwala ako na di 'yan natapos maging sa panahon ngayon. Ang isang tao nga'y marahil isang tapat na miyembro ng iglesya. Marahil lumalakad siya nang matuwid sa harap ng kanyang kapitbahay at kanyang pamilya, pero, sa oras mismo na makakatagpo niya ang Diyos, siya nga'y binagong tao.

31 May katagalan na rin, naalala ko nung minsang makipag-usap ako sa isang intelektuwal na tao, na ang sabi, "Papaano mo malalaman na may kung anong bagay na iba riyan kaysa sa kayang ipagbunga ng kahit anong relihiyon?"

32 Sabi ko, "Binabasa ko'y, nasa Biblia, ng buhay ng Diyos. Binabasa ko ang tungkol sa Kanyang kabutihan. Binabasa ko ang tungkol sa Kanyang pagtitiyaga't Kanyang kapangyarihan. At naniniwala ako na kahit sino nama'y kayang paniwalaan 'yun. Pero heto't isang araw nakatagpo ko ang Isa na 'yun na binabasa ko, pagkatapos ay nagkaroon ng biglang pagbabago. At ako'y di na katulad ng dati mula noon, at umaasa ako na di na ako magiging tulad ng dati." May bagay na nangyari. Sa panahon na bigo ang paningin na ipagbunga 'yun, hayan nga ang pananampalataya na sasalo sa puwesto at ipagbubunga ito.

33 At nakita natin 'yun, na si Abraham, di na siya kabataang lalaki nung mangyari ito. Matanda na siya, pitumpu't limang taong gulang. At ang asawa niya, si Sarah, na kapatid niya sa ama; at mag-asawa sila nang maraming, maraming mga taon na't, mula pa nung siya'y batang babae pa lang na labimpitong taong gulang, sa palagay ko. Pagkatapos sinabi ng Diyos kay Abraham, "Pinili Ko ikaw at si Sarah, na magkakaroon kayo ng anak." At si Sarah ay baog, buong buhay niya. Pero si Abraham nga'y di tumingin sa nakikita ng kanyang mga mata, na heto ang isang matandang babaing kulubot na, maraming taon na ang lumampas sa panahon ng buhay, na magkaroon sana siya ng mga anak, pero siya'y tumingin sa Di Nakikita, at nakita niya si Isaac. Sa pananampalataya nakita niya si Isaac. At siya, matapos tumingin sa Di Nakikita, "Kanyang tinawag ang mga bagay na hindi pa hayag, na tila hayag na." Sumulyap siya mismo sa Di Nakikita. Sa pananampalataya'y nakita niya ito. At sabi ng Biblia, na, "Siya'y nagtiyaga, tulad sa nakikita niya ang Diyos na kasama niya," sa buong paglalakbay niya sa daan.

34 Sa tuwing mahahagip ng tao kahit minsan ang pangitain na ’yun ng Diyos na di nakikita, at mapagtanto na Siya’y palaging nariyan pala, may kung anong bagay na nagpapaging matatag sa isipan ng taong ’yun. Pinagiging matatag ang kanyang mga kilos. At sa panahon ng kagipitan at kaguluhan, ibinubunsod pa rin siya sa tuwina na tumingin paitaas at sa ibabaw ng mga bagay na nangyayari sa paligid niya, dahil nakatingin siya sa Di Nakikita, na heto’t, sa pamamagitan ng pangako.

35 Ngayon, hayan nga’t si Abraham, di lang siya tumingin sa Di Nakikita. . . At ang dahilan kung bakit sumampalataya siya rito, ay dahil Diyos ang nagsabi nito. “At yamang tayo’y patay na kay Cristo, tayo’y Binhi ni Abraham. At kung ang Espiritu na nananahan kay Cristo ay nasa atin, ganun din ang gagawin Nito sa inyo. Ang kailangan ay bawat Makalangit na pangako ng Diyos na nasa Kanyang Biblia, at tatawagin Iyon na narito na sa kasalukuyan, at para ilagak ang Sarili Nito roon.

36 Gayong, kung titingnan n’yo, ng mga mata n’yo, haya’t makikita n’yo ngayon na ang bansa nati’y tinitigatig at may panginginig. Ang mga usok ng digmaan ay pumapaitaas saan man; bawat bansa sa ilalim ay natitigatig at nagugulumihanan sa panahon. Bawat tanda, na sinabi ni Jesus na mangyayari, ay nangyayari na. “Magkakaroon ng mga tanda sa langit sa itaas at sa lupa sa ibaba.” At may malalaking bagay na mangyayari, katulad ng mga flying saucer at mga mistikong bagay na mangyayari.

37 Pero iniutos Niya sa Kanyang Iglesya na kanilang itaas ang kanilang ulo, sa araw na ’yun, at tumingin sa itaas, dahil si Cristo na di nakikita’y magpapakita na’t di magtatagal. Kaya kung lalakad lang tayo sa pamamagitan ng paningin, lalabas na mga anak tayo ng kadiliman, tunay nga. Pero natutuwa ako na malaman na may isang Liwanag na nagliliwanag sa bawat puso ng mananampalataya, hanggang sa Walang Hanggang Araw na ’yun na si Jesus ay darating na.

38 Ngayon isang leksyon ’yun sa atin, na tumingin sa kung ano ang ginawa ni Abraham. At mangyari na di lang siya naniwala basta, haya’t pinaghandaan niya mismo ito. Pinaghandaan niya ang kailangan. . . nitong batang nakita niya sa pamamagitan ng pananampalataya, dalawampu’t limang taon bago pa dumating ang bata. Dahil, isinaalang-alang niya na Siya Na nagsabi nun sa kanya, ay may kakayahan na tumupad sa pangako na sinabi Niya sa kanya. Di niya pinansin ang anuman sa kalikasan niya, yamang sandaang taong gulang na siya, ang pisikal nga niyang pangangatawan, ay di nga niya pinansin, kahit kaunti, maging ang pagkabaog ng sinapupunan ng asawa niya, na si Sarah. At sinasabi sa atin ng nagsulat ng Makalangit na komentaryong ito, na, “Hindi siya nag-alinlangan sa pangako ng Diyos na siya nga’y di sasampalataya; bagkus lumakas pa, na ibinibigay ang kaluwalhatian sa Diyos.” Grabeng tao!

39 At, sa panahon ngayon, di kailangan, hindi kailangan na ipagpilitan na harapin ito sa pamamagitan ng intelektuwal na pananampalataya. Hinding-hindi mo magagawa. Magpunta-punta ka man sa isang iglesya patungo sa isa pang iglesya, at mula sa pila para sa pananalangin patungo sa isa pang pila para sa pananalangin, haya't di mo pa rin makakamit. Ang kailangan ay dumako ka sa isang lugar kung saan Walang Hanggan itong nasagot, nang minsa't lubusan na. Siya kasi'y Diyos, o hindi Siya Diyos. Nalulungkot nga ako para sa mga tao; sa pagsasalita ko kagabi.

40 Haya't sabi ni Jesus, "Ako ang Puno ng Ubas, at kayo ang mga sanga." At nagpasibol ang Puno ng Ubas ng unang sanga. At ang unang sanga ay ang pentecostes, at ang pentecostal na pagpapala'y naitala sa Aklat ng Mga Gawa. At kung ang unang sanga ay pentecostes, marapat lamang na ang ikalawang sanga ay pentecostes din. At kinakailangan na magbunga ito ng siya ring uri ng Iglesya at pag-uugali na pinasibol ng unang sanga.

41 Hindi ba't ipinangusap mismo 'yan ni Jesus sa San Juan 14, nung sabihin Niya na ang sangang di magbubunga'y puputulin, na 'yun ay malalanta? Sa ganoon nga hahantong ang ating mga denominasyon sa panahon ngayon, pupungusin mula sa Puno ng Ubas.

42 Yaong nagbubunga lamang, yaong uri na nagbubunga ng siya mismong bunga't pagkilos ng Espiritu Santo, ang tanging mananananatili sa Puno ng Ubas. Dahil, ang Buhay na naroon sa Puno ng Ubas, ay nagbubunga sa sanga. At ang Buhay na nakay Jesus, ay naroon sa unang Iglesya. At di sila kailanman lumakad sa pamamagitan ng paningin. Lumakad mismo sila sa pamamagitan ng pananampalataya, sinasampalatayanan na anuman ang sinabi ng Diyos ay Katotohanan. Oh, grabeng kaibhan, kapag ang mga kalalakiha'y lalakad sa pamamagitan ng pananampalataya, at tatawagin ang anumang bagay na idinaan sa paningin, na salungat sa Salita, na ang mga bagay na 'yun ay wala. Kailangan na kailangan natin ng ganoong uri ng pananampalataya sa Iglesya.

43 Si Moises, nung siya'y nag-kuwarenta anyos, batang-bata, at, kung pagbabatayan ang paningin, ang mundo nga'y nasa kamay mismo ni Moises. Aba'y siya ang susunod na faraon ng Egipto. At nasa kanya mismo ang lahat ng mga lupain sa mundo, sa mismong kamay niya, na siya'y magiging hari ng buong mundo, pati ang karunungan nung panahon na 'yun. At, sa kabila nun, sa pagdungaw niya sa bintana na dinudungawan ng Faraon, haya't ang nakita niya'y ang mga Hebreo.

44 Kay Faraon, na tumanaw sa kanila roon, wala nga silang kuwenta't sangkumpol lang ng mga tagatapal ng putik, doon sa lubluban ng putik, gumagawa ng mga ladrilyo. Sa mga taong sikat, na napapadaan dun, sila'y ganoon din ang tingin. Yaong

mga maiinam manamit na mga tao, "Sangkumpol lang sila ng mga alipin; walang kuwenta't nakalublob sa putikan."

45 Pero nung si Moises ay tumingin mismo sa siya ring bintana na 'yun, iba ang nakita niya, dahil tumingin siya sa Di Nakikita at may kabatiran na ipinangako ng Diyos na Kanyang ilalabas sila mula sa lugar na 'yun, at dadalhin sila sa lupang pangako. Sapagkat, tumingin siya sa Di Nakikita. Nakita niya ang mga taon na parating, gayong wala pa noon. Nakita niya ang Egipto na winasak, gayong nasa panahon iyon nang pag-unlad. Nakita niya noon ang Egipto gaya ng kung ano ito sa kasalukuyan. At nakita niya ang Israel na buong nakaupo nang maginhawa sa palibot ni Abraham, sa Kaluwalhatian. At sa pamamagitan ng pananampalataya'y pinili niya mismo na panghawakan ang—ang pinaka pahirapang relihiyon na maibibigay sa kanya, at mas pinili ito kaysa sa pinaka mainam na maibibigay sa kanya ng sanlibutan. "At piniling magdusa sa kadustaan ni Cristo, at ariin 'yun na malaking kayamanan kaysa sa lahat ng kayang ibigay sa kanya ng Egipto. Dahil siya'y nagtiyaga, na tulad sa nakikita niya Siya Na Di Nakikita. Nakipag-usap ang Diyos kay Moises, at kilala ni Moises kung Sino ang Diyos. Kaya, di siya tumingin dun sa kinang.

46 At heto't marahil sasabihin ko ito sa iglesya ngayong gabi. Nakay Moises, sa isa niyang kamay, ang pinaka mainam na maibibigay ng mundo. Wala na ngang mas iinam pa dun. Yun na ang pinaka mataas na katungkulan. Yun na ang pinaka mainam ng mundo. At heto na ang inalok sa kanya ng relihiyon ay ang pinaka masaklap na maibibigay, sangkumpol na mga alipin na nakalublob dun sa putikan. At ngayon, kung tao ang titingin, alin kayang panig ang pipiliin niya?

47 Itulot n'yo na sabihin ko sa inyo ito nang may katapatan, at nang walang halong masamang hangad, bagkus hayaan n'yong sabihin ko sa inyo ito nang sa gayon maunawaan n'yo. Sa panahon ngayon, huwag kayong tumingin sa laki ng simbahan. Huwag kayong tumingin sa kasikatan ng denominasyon. Huwag kayong tumingin sa kung mainam ba silang manamit. Kundi tumingin kayo kay Cristo, na bagaman mayaman Siya ay nagpaging dukha, nang sa gayon sa Kanyang kadukhaan ay magsiyaman kayo. At kung naghahanap kayo ng simbahan, huwag kayong pumunta sa kung saan pumupunta ang mga sikat, o ang bigating mga Ph.D., o D.D., pero tumingin kayo sa mga tao na mababa ang tingin sa kanila.

48 At si Moises, nang naroon 'yun sa dalawang kamay niya, ang pinaka mainam na maibibigay sa kanya ng mundo, kung siya nga'y babatay sa nakikita lang niya. At gayunman, noong siya'y tumingin doon sa Di Nakikita, ang pinaka masaklap na maibibigay sa kanya ng iglesya, pinili niya na lumakad mismo sa pamamagitan ng pananampalataya. At pinili niya na lumakad sa pamamagitan ng Di Nakikita, Diyos, na ibinibilang 'yun na

mas higit na yaman kaysa sa lahat ng naipapakita sa kanya ng sarili niyang paningin. Heto nga ang kaharian, heto ang pagkahari, heto ang trono, heto ang korona, heto ang lahat mismo, sa kanyang kamay. Pero, gayunman, sa pamamagitan ng pananampalataya, nung masulyapan niya mismo si Cristo na naroon sa putik na lubluban, pumanig siya sa kanyang mga tao.

49 Ngayon, heto ang isa pang munting leksyon patungkol kay Moises. Ngayon, si Moises nga'y di lang naupo roon at nagsabi, "Nakikidalamhati ako sa mga taong ito. Mabubuti silang mga tao. Alam n'yo, wala nga akong masabi ni isa mang puna laban sa kanila."

50 Ngayon, ganyan na ganyan ang ginagawa ng marami sa mga relihiyonista sa panahon ngayon, kapag nakakapakinig sila ng istriktong mensahe tungkol sa tunay na Diyos. Kanila ngang sinasabi, "Oh, wala akong anumang laban sa mga tao na 'yan na naniniwala sa Makalangit na pagpapagaling. Wala nga akong laban sa mga tao na 'yan na naniniwala sa mga himala." Pero di 'yun sapat.

51 Di lang basta nakisimpatiya si Moises sa kanila, at nanatili sa luklukan. Bumaba siya mismo't naging isa sa kanila.

52 At alalahanin n'yo, mga ilang taon lang ang nakararaan, nung ako nga'y alukin nang malaki ng mga Baptist. At tapos ang mga Presbyterian naman, may ginang daw ng siyudad na babayaran daw ang pag-aaral ko sa maikliang eskuwelahan sa Presbyterian na denominasyon, at nais daw nila akong kunin bilang ministro. Pero nung tumingin nga ako at nakita ko na ang grupo ng mga naniniwala sa sobrenatural ay nililibak at binabansagan pang "mga holy-roller," aba'y napaka dali lang sa akin na magpatuloy na lang sana, na isang mangangaral na Baptist, dahil isa naman ako. Pero sa halip na tumanaw lang ako sa kanila't magsabi, "Oh, wala akong laban sa kanila. Ako man ay naniniwala rin, diyan," Haya't mas pinili ko na maging isa sa kanila; lumabas ako.

53 At ngayon isa na ako sa mga binabansagan na "mga holy-roller," dahil nakita ko mismo dun, na taglay nila ang tanda ng buhay na Diyos na nabubuhay sa kanila, at sa pamamagitan ng pananampalataya ay naniniwala ako na 'yun ang grupo ng mga tutungo sa Pag-agaw. At mas pipiliin ko Ito kaysa sa lahat ng mga Ph.D. at mga D.D. na maibibigay ng kaiglesyahan. Huwag kang makidalamhati lang sa kanila. Maging isa ka sa kanila. Sa pagkakataon ngang 'yun, sa pananampalataya, ay lalakad ka sa pamamagitan ng pananampalataya, sa Di Nakikita. Nakikita ko roon ang isang Iglesya na tutungo sa Pag-agaw, nakikita ko si Jesus na paririto para sa Kanyang Nobya, nakikita ko ang isang grupo ng mga tao na niwawalang-bahala, na nililibak, at pinagtatawanan, na tutungo sila sa Pag-agaw, isang araw. Mas pipiliin ko na makasama sa kanila kaysa sa lahat ng mga grupo

na alam ko sa buong mundo, dahil sa pamamagitan mismo ng pananampalataya ay nakakakita tayo, sa Di Nakikita. Tunay.

54 Pinili ni Moises na maging. . . Nakita niya sa pamamagitan ng pananampalataya kung ano sila, at maging ang ipinangako ng Diyos, sa loob ng apatnaraang taon, na ilalabas Niya sila. Gayong, nagpatagal Siya nang dalawampung taon pa, haya't si Moises ay nanampalataya pa rin sa Kanya.

55 At ang dahilan kung bakit humahayo ako sa labas, ngayon, sa pagkilos na ito, ay dahil, dito, sa pamamagitan mismo ng pananampalataya. Isang gabi, sa Green's Mill, Indiana, mga sampung taon ang nakararaan, isang Anghel ng Panginoon, Na kinakausap ako nung bata pa lang ako, ay nangusap sa akin tungkol sa mga bagay na ito. Haya't lumabas ako't kinaugnay ko ang sarili ko. Maraming beses na di ako naniniwala sa mga bagay na ginagawa nila, pero sa kabila nun, naniniwala ako, na doon ay nakalatag ang Iglesya ng buhay na Diyos. At mas pipiliin ko na lumakad nang mag-isa, kasama ang kaunting bilang ng mga tao na tunay na nananampalataya sa Diyos at panghawakan Siya sa Kanyang Salita, kaysa sa mapasama sa milyun-milyon na itinatanggi naman Siya. Tunay! Kitang-kita sa kanilang mga gawa.

56 "Si Moises ay nagtiyaga, na tulad sa nakikita niya Ang Di Nakikitang Diyos." At mangyari ngang sa dulo ng paglalakbay niya sa buhay. . . Oh, gustung-gusto ko ngang sabihin ito!

57 May nagsabi sa akin minsan, sabi niya, "G. Branham, sa palagay mo ba ang Diyos ay makatuwiran, nung hinayaan Niya si Moises nang apatnapung taon kasama ang mga taong 'yun, at tapos ay di siya papayagang pumasok sa lupang pangako?" Pero ang pinaka maluwalhating bahagi ng kuwento ni Moises, ay naparoon siya kalaunan sa lupang pangako, pagkalipas ng walong daang taon, kasama niya si Jesus at Elias, at nakita sa Bundok ng Carmelo.

58 Hindi lang 'yan, pero sa dulo ng daan, nung nakatayo siya sa ibabaw nung bundok, kumakaway bilang pagpapaalam sa kanyang mga kababayan, at tumanaw siya sa ibayo ng Jordan, at sandaan at dalawampung taong gulang na siya noon, nung unti-unting nalalagot ang huling hininga sa kanya, umakyat siya sa ibabaw ng batong hinampas mula sa ilang, at naroon 'yun, at di niya. . . Ang naging mga tagapagdala niya'y mga Anghel na dinala siya sa kung saang dako't inilibing siya, na dakong di alam ng mundo. Dahil, "Siya'y nagtiyaga, na nakikita ang Di Nakikita." At nung oras na ng kamatayan niya, naroon ang Di Nakikita. Iniisip ko, kung naging faraon kaya siya, kung magiging ganun din kaya 'yun. Malabo. Pero siya nga'y may katiyakan nung piliin niya ang tamang dapat piliin.

At kayo man ay makatitiyak, sa pamamagitan ng pagpili sa tamang dapat piliin.

59 Si Josue, makalipas ang apatnapung taon, pagkatapos na makapasok siya sa lupang pangako, at ang. . . sa pagiging isang kinikilalang heneral ng hukbo. Noong sumabak siya sa una niyang pakikipaglaban, ang mga kalaban niya'y nakapuwesto't naliligiran ng pader na walang paraan para siya'y makapasok sa kanila. Pero sa pamamagitan ng pananampalataya siya'y tumingin sa Di Nakikita, dahil nagbigay ng pangako ang Diyos kay Moises nung nasa Egipto pa lang sila. "Ibibigay Ko sa inyo ang buong Palestina." At sa pamamagitan ng pananampalataya ay nakita niya mismo ang mga pader ng Jerico na bumagsak nang lapat sa lupa. At kaya nagmartsa siya paikot at paikot, na kumpleto ang baluti, na walang pag-aalinlangan sa puso niya, bagkus sumasampalataya na magagawa 'yun ng Diyos. At nung tumunog na ang trumpeta, at ang mga tao'y nagsigawan, ang mga pader ay bumagsak at kinubkob nila ang siyudad. Bakit? Nakita niya ang di nakikitang Iyon.

60 Alalahanin n'yo, bago niya gawin 'yun, naglalakad siya isang hapon, at nakita niya ang isang Lalaki na ito na nakatayo sa tabi nung pader, na ang tabak ng Lalaki'y nakahugot. At hinugot ni Josue ang kanyang tabak at nagpunta't kinatagpo ang Lalaki. At ang sabi niya, "Ikaw ba'y sa amin? Ikaw ba'y sa kaaway?"

61 At ang Lalaki'y sumagot at nagsabi, "Ako ang Kapitan ng Hukbo ng Panginoon." Dun pa lang ay alam na ni Josue na ang pakikipagbaka'y kanya na.

62 At kaya kayo na mga tao, na naparito, sa gabing ito, na ang inyong mga puso'y may pagkakasala. . . Hindi ko tinutukoy na kayo'y namumuhay sa pangangalunya. Hindi ko tinutukoy na kayo'y naglalasing. Ang ibig kong sabihin, ang *kasalanan* ay "di-pagsampalataya." At kung may di-pagsampalataya sa puso n'yo, haya't kung ibubukas n'yo lang ang inyong puso't ipipikit ang inyong mga mata, at titingin sa Punong Kapitan Na nasa lahat ng dako sa gabing ito, ang sanlibutan nga'y babagsak nang lapat sa inyong paanan, at kakalampagin ang bawat tanikala ng pagkakasala mula sa inyo. Matatapos na ang mga araw ng pag-aalinlangan. Oh, pagpalain ang Pangalan ng Panginoon!

63 May nagsabi sa akin noon na may kakayahan ang isang ahas na makuha sa tingin ang isang ibon, at bibighaniin ang ibon na 'yun, sa pamamagitan ng pagbibighani nito't pagtitig sa mga mata nito, hanggang, sa ganoong paraan, kung ibibigay ng ibon ang atensyon nito dun sa ahas nang kahit ilang minuto lang, ang ibon ay magpapakampay-kampay at magiging ganap na paralisado. At tutuklawin na ng ahas ang ibon.

64 At naniniwala nga ako riyan, dahil may alam ako na isang serpiyente, ang diyablo, na kung makukuha niya sa tingin, gamit ang pagbibighani niya, nang inyong modernong rock-and-roll, at lahat ng inyong mga fang-tango ng mundo. Kung makukuha niya kayo, kabataang babae o kabataang lalaki,

sa kahit maikling panahon lang para unti-unti niyang ipasok sa inyo ang pagbibighani niya, puwede kang magpakampay-kampay pero hindi ka na makakawala. Sasakmalin niya kayo hanggang sa lunukin niya kayo sa kasalanan.

65 Ang tanging paraan, ayon sa sinabi sa akin, na ang munting ibon na 'yun ay magkakaroon ng tyansa, ay kung mailayo niya ang paningin niya mula sa serpiyente. At ang ibon nga'y hindi makatitingin sa iba, dahil naroon ito, nakatitig. Pero kung mailalayo niya lamang ang paningin niya mula sa serpiyente, at sa taas titingin at ikakampay ang kanyang pakpak, siya nga'y makakawala mula sa abot ng ahas.

66 At kung ang kabighanian ng mundo't mga bagay ng mundo ay nakapasok diyan sa inyo at ang di-pagsampalataya'y may paghahalina sa palibot ng puso n'yo, na sinasabi sa inyo, "Oh, mabuhay ka nang moderno," iiling n'yo ang ulo n'yo, ngayong gabi, at tumingin sa itaas sa Isang Di Nakikita, ang Panginoong Jesus, at ikampay n'yo ang mga pakpak n'yo ng pananalangin hanggang sa makawala kayo mula sa abot ng kaaway at malayo sa pananakmal nito.

67 At kung mangungusap sa iyo ang kaaway, at sasabihin nito ang. . . na, "mali ang Makalangit na pagpapagaling," iiling n'yo ang ulo n'yo mula sa kanya, nang madali. Kung sasabihin niya sa inyo, na, "pagbabasa lang naman ng isip 'yang Espirituwal na pagkilala," iiling n'yo ang inyong ulo palayo sa kanya, agad-agad, at tumingin sa itaas sa Di Nakikita.

68 Katulad na lang ng sinabi ni Eliseo kay Gehazi, na alalay niya sa Dothan. Habang tumitingin-tingin ito sa paligid, naroon ang hukbo ng mga taga-Syria. Naparoon ang lahat ng dudurog sa kanila, dahil heto ang isang lalaki ng Diyos na may kakayahang sabihin sa hari ng Israel kung ano ang iniisip ng hari ng Syria sa loob ng kanyang silid-tulugan.

69 Hayaan n'yong sabihin ko ito ngayong gabi sa inyo, na mga tagapakinig ko. Ang Diyos na 'yun ay nabubuhay mapasa hanggang ngayon, at Siya'y siya pa rin ngayong gabi kung ano Siya noon. May kakayahan pa rin Siyang talusin ang inyong mga pag-iisip at kung ano ang iniisip n'yo ngayon. Kaya kinakailangan n'yong antabayanan ang mga bunga ng Espiritu, para makita kung ang Diyos 'yun ng kasaysayan na nagbangon muli. Tunay.

70 At nung dumating ang mabigat na krisis; na lagi namang ganoon. Hayan nga't nung si Gehazi, yamang isa kasi siyang sala sa init at sala sa lamig na miyembro ng iglesya, nung. . . Di niya nakikita ang nakikita ni Elias.

71 Dahil, si Elias ay sanay mismo na lumakad sa pamamagitan ng pananampalataya, at nakatingin siya sa Di Nakikita, sa tuwina. At batid niya na sinabi ng Diyos, sa Mga Awit, "Ang mga

Anghel ng Panginoon ay nakakampamento sa buong palibot ng mga nangatatakot sa Kanya." Sapat na 'yun para kay Elias.

72 Pero si Gehazi nga'y sigu-. . . nananampalataya naman pero kala-kalahati lang. Isa lang siyang miyembro ng iglesya.

73 Kaya, sabi ni Eliseo sa Panginoon, sabi niya, "Panginoong Diyos, magbigay Ka po ng isang tanda rito. Iyong imulat ang mga mata ng binatang ito at ibunsod siya na makita ang mga nasa paligid niya."

74 At nung imulat ng Diyos ang mata nung binata, nakita niya ang mga kabayo ng Apoy, hila-hila ang mga karwahe ng Apoy, at naroon ang mga 'yun sa palibot ng matandang propeta. Naroon pala ang mga 'yun kani-kanina pa, pero di lang niya makita ang mga 'yun.

75 At ngayong gabi ay sasabihin ko rin ang siya ring bagay, na ang Diyos Na tumayo roon sa unang kabanata ng Mga Aklat ng Mga Gawa; at habang Siya'y kinukuha paitaas, haya't ang mga himpapawid ay napasa ilalim ng Kanyang mga paa. Ang siya ring Jesus na 'yun ay nagsabi, "Narito, Ako'y sumasa inyo sa tuwina. Di Ko kayo iiwan ni pababayaan man. At ang mga gawa na ginagawa Ko ay gagawin din naman ninyo sa tuwina. Ako'y kasama ninyo, anupa't sasa inyo, hanggang sa dulo ng mundo."

76 Nabanggit sa akin ng mga piloto na nagpapalipad dito, ng talagang matutulin na mga eroplanong jet. At sinasabi nila na ang eroplano, kapag umaabot pa lang ito sa isang nakatakdang bilis, ang eroplano'y kumakalog at umuuga, at mistula ngang ang mga turnilyo'y magkakalasan, na 'yung mga pakpak ay parang bibigay, hanggang sa makalampas sila sa hangganan ng ugong. Pero pagkatapos na makalampas minsan sa hangganan ng ugong, sinasabi nila na ang eroplano'y nakapailanlang na lang dun, nang banayad, pagkalampas nito sa hangganan ng ugong. Yun kasi'y balakid na dapat pagdaanan ng eroplano, na pagkalampas nito sa sarili nitong ugong, haya't lilipad na 'yun nang banayad.

77 Oh, kung magagawa lamang ng Iglesya ng panahong ito na makapanalangin hanggang sa malampasan nila ang hangganan na 'yun ng kasalanan, at ang hangganang balakid na 'yun ng di pananampalataya, magagawa nilang humiyaw sa tagumpay ng isang buhay na Diyos, sa paglampas nila sa hangganan na 'yun; sa pamamagitan ng pagtingin sa Di Nakikita, at hahayaan na ang sanlibuta'y mauuga at gawin nito ang gusto nitong gawin. Pero may buhay ngang Diyos. At sa oras na iwan na natin ang ating maling pagsampalataya't ang ating di pagsampalataya sa Kanya, at lalampas sa dako na 'yun na sinasabi-sabi ng mundo, "Ang mga araw ng himala'y lipas na," mauuga nga kayo. "Oh, wala namang ganyan na bautismo raw ng Espiritu Santo," mapapaisip kayo.

78 Pero kung titingin lamang kayo sa Di Nakikita, sa Diyos na nangako nito, "Sapagkat ang pangako ay sa inyo at sa inyong mga anak, at sa kanila na nasa malayo man, anupa't marami ang tatawagin ng Panginoon nating Diyos." Kung makatitingin lang kayo sa pinagpalang Salita na sinasabi, "Si Jesus Cristo'y siya ring kahapon, ngayon, at magpakailanman," ibaling n'yo ang ulo n'yo roon, at magtumulin kayo, hanggang sa lampasan n'yo 'yung pag-uuga, lampasan 'yung hangganang sagabal na 'yun ng di pagsampalataya, at ang mga hangganang sagabal ng kasalanan, at lahat ng sagabal na tila humahadlang sa inyo. Pagkatapos nga'y makalilipad na kayo nang malaya na sa pamamagitan ng pananampalataya sa Diyos, na batid n'yo na ang lahat ng mga bagay ay maipangyayari. Kung ganoon wala nang limitasyon, gaya ng sabi, na hahadlang, sa bilis na kayang liparin ng eroplano. Kung wala ngang limitasyon ang bilis na kayang liparin ng eroplano, walang anumang mga limitasyon ang mga pagpapala na ibubuhos ng Diyos sa mananampalataya na sasampalataya. Sinasabi mismo ng Kasulatan na Siya'y "siya ring kahapon, ngayon, at magpakailanman."

79 Sinabi ni Jesus, nung narito pa Siya noon sa lupa, "Wala Akong ibang gagawin kundi ang ipakita muna sa Akin ng Aking Ama."

80 Nung lumapit sa Kanya ang babae sa may balon, at ang babae'y isang Samaritana. Una muna, may lalaki na lumapit sa Kanya, at ang pangalan ng lalaki ay Pedro. At ang sabi Niya sa lalaking ito, "Ang pangalan mo ay Simon, at ang pangalan ng tatay mo ay Jonas." Papaano Niya nalaman 'yun? Papaano malalaman ng isang hamak na Nazarenong karpinterong ito na ang pangalan nung lalaki ay Simon, at ang pangalan ng tatay nito ay Jonas? Dahil nasangkapan Siya ng Kapangyarihan na may kakayahang tumingin sa Di Nakikita. Hindi Siya tumingin sa anumang mga letra na nakasulat. Tumingin Siya mismo sa Di Nakikita, ang Diyos ng Langit.

81 Dali-dali, nagtungo sila't may susunduing isa pang lalaki, sa kabilang bahagi ng bundok, na milya-milya rin ang nilakad. At nung maikuwento niya sa lalaki habang nasa daan sila, kung ano ang ginawa ni Jesus, di nakapagtataka na si Natanael ay medyo di pa naniniwala roon. Pero minsan lang na mapasa harapan ni Jesus, sinabi ni Jesus sa kanya, "Narito ang isang Israelita na sa kanya'y walang daya."

82 Papaano nagawa 'yun ng Lalaking ito? Wala ngang kasama ang Lalaking ito na nagsabi, "Ang lalaking 'yan ay Israelita." Papaano Niya nagawa 'yun? Hindi naman Niya nabasa 'yun sa kung anong libro. Pero Siya nga'y tumingin sa Di Nakikita, sa Diyos na nakakaalam ng katapusan mula sa pasimula.

83 At sabi niya, "Rabi, kailan Mo po ako nakilala?" sabi ni Natanael.

84 Sabi Niya, "Bago ka pa tawagin ni Felipe, nung nasa ilalim ka ng puno, nakita na Kita." Ano 'yung ginawa Niyang 'yun dun? Tumingin sa Di Nakikita.

85 Noong ang babae sa may balon, ang Samaritana, nung nagpunta roon, at sabi Niya, "Dalhan mo Ako ng maiinom."

86 At sabi ng babae, "Malalim ang balon, at wala Ka namang panalok."

87 Sabi Niya, "Pero kung nakikilala mo kung Sino ang kausap mo, hihingi ka sa Akin ng maiinom."

88 At nagka-interes ang babae na malaman kung sino nga ba ang kausap niya. At ang alam lang niya'y isa Siyang Judio, at Siya . . . Sabi, "Hindi kaugalian sa Iyo na mga Judio na humingi mula sa kababaihan ng Samaria ng bagay na ganyan."

89 At nagpatuloy ang pag-uusap hanggang sa mahagip ni Jesus ang espiritu ng babae. At sabi Niya, "Umuwi ka't dalhin mo ang asawa mong lalaki, at pumarito."

Sabi ng babae, "Wala akong asawang lalaki."

90 At sabi Niya, "Tama. Nagkaroon ka na ng limang asawang lalaki. At ang isa na kinakasama mo ngayon ay di mo asawa."

91 Tapos sabi ng babae, "Batid namin na kapag dumating ang Mesiyas, sasaysayin Niya ang mga bagay na 'yan sa amin, pero Sino Ka?"

Sabi Niya, "Ako Siya na nakikipag-usap sa iyo."

92 At ang babae'y kumaripas sa bayan at nagsabi, "Halikayo, tingnan n'yo ang isang Lalaki, Na nagsabi sa'kin ng mga bagay na nagawa ko. Hindi baga't ito na ang Mesiyas?"

93 Tapos nung si Jesus, sa paglisan sa mundong ito, matapos ang isang pagmi-ministeryo sa buong mundo, sa buong palibot ng nalalamang mundo ng panahong 'yun, sabi Niya, "Ang mga gawa na Aking ginagawa, ay gagawin din naman ninyo." Pakinggan n'yo nga itong paglisan Niya. "Narito, kaunti pang panahon, at ang mundo (ang nakikita, intelektuwal, bihasa, siyentipiko), ang mundo'y di na Ako makikita pa." Yun nga'y ganap na propesiya. Wala nang iba pa 'yun kundi Katotohanan mismo. Si Jesus Cristo ang nagsabi nun. "Ang intelektuwal na mananampalataya, ang sanlibutan, haya't di na Ako makikita pa. Pero, makikita n'yo Ako, sapagkat Ako'y kasama ninyo, sasa inyo, hanggang sa katapusan ng kapanahunan. At ang mga gawa na ginawa ko, ay gagawin din naman ninyo. At higit pa rito ang gagawin ninyo, sapagkat Ako'y tutungo na sa Aking Ama."

94 Itong dakilang Diyos at Ama na ipinapangusap natin, ay di isang bagay ng nakalipas na panahon. Siya'y pangkasalukuyan. At kung ang Kanyang mga hirang, na Kanyang mga tinawag sa Pangalan Niya, ay makalalampas lang sa hangganang sagabal na 'yun ng mga sabi-sabi ng mundo, ng mga sabi-sabi ng

iglesya, ng mga sabi-sabi ng siyensiya, at bagkus tumingin sa kung ano ang sasabihin ng Diyos; sa mismong minuto na 'yun, lalampasan n'yo ang pag-uuga ng di-pagsampalataya at kayo ay makalalaya, na lalabas ng gusaling ito, ngayong gabi, na talagang masaya sa abot ng makakaya n'yo; na Diyos mismo ang pinaglilingkuran, na malaya ang pakiramdam, nawaglit na ang lahat ng pagkakasala, pinagaling na mula sa karamdaman n'yo. Aba, 'yun nga'y magiging kahanga-hanga! Ang Diyos nga'y di magiging Diyos ng katuwiran, kung gagantimpalaan ang isang tao dahil sa pananampalataya nila, at di magbibigay ng siya ring gantimpala sa isa ring katulad nun. Di Niya 'yun pahihintulutan. Kung nagawa mismo ng Diyos na alisin ang leukemia mula sa isang batang babae nung nakaratay siya roon; at sa isa sa pinaka maiinam na ospital, sa Johns Hopkins, na matutunguhan; at hayan nga ang kanyang mga binti na di niya maitayo. At isang oras lang pagkatapos na makapag-alay ng pananalangin dito, haya't ang bata'y idineklarang "mainam at magaling na," nang parehong mga doktor.

95 Hindi magiging matuwid ang Diyos kung, haya't si Kongresista Upshaw, na nasadlak sa silyang de gulong nang animnapu't anim na taon, dahil bali ang kanyang likod, nakapaglakad gaya ni G. Roosevelt, at kung napagaling nga ang isang lalaking tulad nun at napatayo siya mula sa silyang de gulong na 'yun, sa pamamagitan ng pangitain, at kung may isa pang lalaki na nakaupo't ganoon din ang lagay, at makakatagpo ng ganoon ding pananampalataya, ang Diyos nga'y di matuwid kung pagagalingin ang isa't hahayaan ang isa pa na bahala na ang taong ito. Siya nga'y matuwid.

96 Ang dipirensya ay tayo, mga kaibigan. Kung magagawa lang nating makalampas sa hangganan ng ugong na 'yun! Kung magagawa lang nating makadako sa lugar na 'yun na di na natin alintana kung sinu-sino ang magsabi-sabi ng kung anu-ano! Basta't Diyos na mismo ang nagsabing Katotohanan 'yun, tayo nga'y lalayag dun.

97 Lagi ko ngang naaalala ang munting tula na 'yun sa aklat ko noon sa paaralan, nung maliit na batang paslit pa lang ako rito sa kalye. Marami sa inyo na mga kalalakiha't kababaihan na ka-edaran ko ang maaalala 'yun. "*Lumayag lang! Lumayag nang lumayag lang!*"

98 Nung bigyan noon si Christopher Columbus ng mga barko ng reyna ng Espanya, at noong . . . dahil, sa kanyang puso, may malinaw na pananaw siya na ang mundo ay bilog. At wala nga siyang paraan para patunayan sana 'yun. Wala pa nga siyang nagagawa tungkol dun, pero isa siyang lalaki na malinaw ang pananaw sa hinaharap. Naniwala siya roon.

99 At nung maipagkaloob na sa kanya ang barko, kasama ang ilang mga bilanggo't, mga duwag; 'yun nga ang mga miyembro

niya sa iglesya niya, sangkumpol ng mga bahag ang buntot, sangkumpol ng mga mahihina ang loob at pilit pa nga siyang pinahihina ang loob. “Kaunting-kaunti na lang malalaglag na tayo sa gilid ng mundo. May serpiyente na aahon mula sa ilalim ng dagat, at pupuluputan itong maliliit na barko at hihilain ito paibaba. Ngayon magsalita ka, matapang na lagalag, magsalita ka! Anong masasabi mo?”

Sabi niya, “Lumayag lang! Lumayag lang! Lumayag nang lumayag lang!”

100 Diyos, bigyan Mo po kami sa Iglesya ng mga kalalakihan, na tulad nun. Wala akong pakialam sa anumang sabihin ng daigdig ng siyensiya. Wala akong pakialam sa anumang sabihin ng daigdig ng denominasyon. Akin ngang panghahawakan ang Diyos sa Kanyang Salita, at lalayag mismo. Lalayag mismo, hanggang sa makalampas ako sa hangganang sagabal. Dati-rati, sa lumang simbahan dito, may inaawit-awit tayo noon na munting awiting parang ganito:

> Akin nang nalagpasan ang paghihiwalay na hangganan,
> Iniwan ko na ang sanlibutan.

101 Kung may panahon na kinakailangan mismo ng Iglesya na humakbang sa kabilang ibayo ng linya na naghihiwalay sa inyo sa pagitan ng pagsampalataya’t di-pagsampalataya, na gamit ay paningin, at titingin sa Di Nakikita sa pamamagitan ng pananampalataya, ay ngayon na mismo. Sa oras ngang ’yan ay iiwan n’yo na ang lahat sa likuran n’yo, lahat ng pagsusumakit, lahat ng kapaguran, lahat ng nagsasabi na hindi ka uubra na maging Cristiano, “Mahabang panahon akong nanigarilyo. Mahabang panahon akong nagpalasing-lasing. Kapatid na Branham, namumuhay ako sa pangangalunya.” Wala akong pakialam kung anuman ang nasabi n’yo at kung anuman ang nagawa n’yo, gayong ang mga pagkakasala n’yo ay mapulang-mapula; minsan lang na makalampas ka sa linya ng sagabal na hangganan na ’yun, ng diyablo na sinusubukang pagdusahin ka, na sinasabing di mo kaya, di mo kaya. Sabihin n’yo, “Kaya kong gawin, dahil sinabi ni Jesus, ‘Sinumang may ibig, hayaan siyang makalapit at uminom sa mga tubig ng bukal ng Buhay, nang may kalayaan.’” Iwan n’yo ang mga ’yun.

102 Sa oras na kayo na mga may sakit, sa pakikipagsiksikan n’yo sa pila para sa pananalangin at pila sa pananalangin, at kayo’y naipanalangin na, nakapunta na sa mga doktor, nagawa n’yo na ang lahat, at siyanga’t nariyan pa rin ang kamatayan na nakalagi sa inyong pintuan. Sa oras na ’yan na makadako kayo sa punto na masasabi n’yo, “Di ko alintana kahit na ano ang sabihin ng mga doktor. Di ko alintana anuman ang sabihin ng daigdig ng siyensiya, si Jesus Cristo’y nangako na mismo sa akin.” Lagpasan n’yo nga ang hangganang sagabal na ’yun ng

pag-uuga sa inyong kaluluwa, nang sa gayon kayo'y lumaya na. Wala nang ibang bagay ang makauuga sa inyo. Lumalayag ka na patungo sa inyong kagalingan sa tunay ngang tiyak na tiyak gaya sa pagkakatayo ko rito sa pulpito. Di ka na babaling pa't lilingon sa gawing 'yun kahit kailan. Dito ka na sa direksyong *ito* titingin.

103 Haya't malaya na kayo sa mga bagay na 'yun: Na pasabi-sabi ng, "Ang mga araw ng mga himala'y lipas na. Walang ganyang bagay na Makalangit na kagalingan. Hindi ka magagawang pagalingin. Masyadong malala na ang kaso mo." Lumayag ka lang, haya't sa ibabaw nito. Akyatin mo ang mga pader sa ibayo, hanggang sa lahat ng mga bagay ay malaya ka na, na bawat lubid at bawat tanikala'y makakalas, bawat pag-uga'y iiwan sa likod, at malaya na kayo, at tunay na malaya.

104 Si Jesus Cristo, ang Anak ng Diyos, ay nagtalaga sa Iglesya, para sa inyo, ng mga bagay na gaya nito. Unang-una naglagay Siya ng mga apostol, pagkatapos, matapos 'yun, nagsugo Siya ng mga propeta, tapos mga guro, mga pastor, mga ebanghelista, para patotohanan ang Salitang ito, para patunayan na Siya'y sadyang dakilang tagapagturo. Di ko ibig sabihin na kailangan may Ph.D. ang tao. Marahil kakaunti lang ang nalalaman niya tungkol sa Biblia kaysa sa isang—kaysa sa isang batang paslit na nasa kanyang kabataan. Haya't si Jesus nga'y may mas maraming nalalaman patungkol sa mga Kasulatan, sa edad na labing-dalawa, kaysa sa mga lahat ng mga Fariseo, na mga edukadong pantas. Kaya, kita n'yo, wala ito sa kung may intelektuwal ka bang pag-iisip. Ang kailangan ay pusong nakasuko sa kalooban ng Diyos.

105 Kung si Jesus Cristo, ang Anak ng Diyos, ay nangako sa Bibliang ito, na, "Kanyang ililigtas ang mga nangasa malayong dako." Kung ipinangako Niya, "Ang mga bagay na ginawa Ko ay gagawin din naman ninyo. Ako'y sasainyo hanggang sa dulo ng mundo." At kung ang siya ring Jesus na 'yun ay dadako rito ngayong gabi, at kukunin tayo sa Kanyang pamamahala, at kung maibubunsod natin ang ating mga sarili mula sa pag-iisip kung papaano 'yun maipangyayari, bagkus titingin lang tayo sa Di Nakikita, sa Diyos Na nangako nito. "Ang siya ring bagay na ginawa Ko sa babae sa may balon, Akin ding magagawa sa inyo. Ang siya ring tanda na ipinakita Ko sa mundo, sa kapwa Judio't Samaritano, haya't ipakikita Ko ito muli sa huling mga araw ng mga Gentil." Kung nagawa Niya 'yun sa kanila noon, at pinatunayan ang Kanyang Sarili bilang Mesiyas sa ganoong paraan, at ipinangyari sa iba at tayo'y hahayaan lang sa pagka-intelektuwal, hindi nga 'yun patas. Hindi Siya maituturing na matuwid na Diyos. Kinakailangan Niyang ipakita ang siya ring tanda. Kung Siya'y paririto sa gabing ito, at uuga sa buong gusaling ito at ipakikita ang Kanyang Sarili, na Siya'y buhay, sa pamamagitan ng pagpapamalas ng siya ring parehong mga

tanda, ibubunsod nga nun na ang bawat puso ng makasalanan ay matunaw sa kaibuturan nung tao. Ibubunsod nga nun na ang bawat taong may sakit ay tumindig sa kanilang paa't ang kaluwalhatian ay ibigay sa Kanya, at lalagpasan ang bawat hangganang sagabal ng pag-uga, at magpapatuloy roon sa mga lagusang pinagkukunan kung saan nagagawa ng Diyos na kayo nga'y pagalingin at paigihin ang lagay n'yo.

Bulayin n'yo ang mga bagay na 'yan habang mananalangin tayo.

106 Maawain at Walang Hanggang Diyos, Na Diyos na noon pa ma't bago magkaroon ng isang atom sa hangin, at mananatiling Diyos pa rin kapag wala nang kahit isang atom. Ikaw na Siya mismong bumuo sa daigdig at sinukat ito sa Iyong mga Kamay, at ibinuhos ito sa kalawakan, at nagsabi, "Magkaroon ng liwanag," at nagkaroon ng liwanag. Ang Iyong Salita ay hindi kailanman mabibigo, at di 'yun mabibigo maski ngayong gabi, dahil nagbitiw Ka ng isang pangako. "Ang mga tandang ito ay lalakip sa kanila na mga nagsisisampalataya." Ang Salitang 'yun ay totoo. Panginoong Diyos, nababatid po namin na ang kagalingan ay isang bagay na binayaran na noon sa Kalbaryo, kung papaano ngang ganoon ang pagkaligtas. At marapat sa amin na tumingin mismo't mamuhay, at manampalataya, at lagpasan ang mga hangganang hadlang, upang patunayan sa Iyo na kami'y sinsero. Diyos na Makapangyarihan sa lahat, Iyo pong ipagkaloob, sa gabing ito, na makasampalataya ang mga tao, at maligtas mula sa kanilang mga pagkakasala't kanilang mga karamdaman. At hinihiling ko po na Iyo itong gawin para sa kaluwalhatian ng Diyos.

107 At habang nakayuko ang ating mga ulo, binubulay ko po, ngayong gabi, ilan kaya ang nasa loob at labas, na nagnanais na maglahad ng pagpapahayag sa Diyos. "Panginoon, ako—ako po'y miyembro ng iglesya nang mahaba-habang panahon, o marahil hindi nga ako miyembrong maituturing. Pero, tunay, masyadong maraming pagka-sanlibutan ang umuuga sa akin. May pagkamainitin ako ng ulo. Mayroong, oh, may kung anong bagay sa akin na dahilan kung bakit di ako makadako sa isang dako kung saan makasasampalataya ako sa paraan na dapat akong manampalataya. Iyo po bang maiaalis 'yun mula sa akin, ngayong gabi, Panginoon? At itulot ako na makalampas sa kaapawan na 'yan ng kasalanan ng di pagsampalataya." Magagawa n'yo bang itaas ang inyong mga kamay sa Kanya? Pagpalain kayo ng Diyos. Mainam 'yan. Oh, maraming mga kamay, sa buong paligid.

108 Panginoon, nakikita Mo ang kanilang mga kamay. At nawa ang Espiritu Santo, na nag-udyok sa kanila na itaas nila ang kanilang mga kamay, nawa'y dumating Siya at palayain sila mula sa pag-uuga na ito ng sanlibutan, hanggang sa makawala sila sa—sa nakapaparalisang pagbibighani ng serpiyente, na

ang pagkakasalang tuklaw na 'yun ng ahas, ang sari-saring pagbibighani ng modernong sanlibutan na ito'y di na sila matutukso pa kahit kailan. Nawa'y maiangat nila ang kanilang mga mata tungo kay Cristo at tanggapin Siya bilang kanilang Tagapagligtas, at amin Ka pong papupurihan. Sa Pangalan ni Jesus ay amin itong idinadalangin.

109 At ngayon, bago natin tawagin ang mga maysakit at ang mga nagdadalamhati, mayroon po ba rito sa gabing ito, na may sakit, nagdadalamhati sa sari-saring paraan, na magsasabi, "Oh Diyos, ibunsod Mo na makalampas ako sa hangganang sagabal na ito, rin. Iyo pong bigyan ako ng pananampalataya na magagawa kong lumampas sa lahat ng mga pag-iisip ng diyablo na sinasabi, 'Di ko kakayanin. Di mo Ito matatamo'"? Magagawa n'yo bang itaas ang inyong mga kamay, at sabihin, "Diyos, mahabag Ka po sa akin." Pagpalain ka ng Diyos. Nakikita Niya ang lahat n'yong mga kamay. Hayan nga kayo sa buong gusali.

110 Ngayon, Ama, Iyo pong ipagkaloob na may bagay na maganap, sa gabing ito, na magbubunsod na ang mga taong ito ay makita nila na ito ang Katotohanan mismo, ang Salita ng Diyos, at tutuparin Mo ang Iyong pangako sa kanila, gaya nga ng kung papaanong tinutupad Mo noon kina Abraham, o kay Moises, o kung sino pa. Kung papaano nga, nung sinabi Mo kay Pedro, "Lumakad ka palapit sa Akin, sa ibabaw ng tubig." At di nga niya inusisa kung may kung may ano bang uri ng tulay ang mayroon sa tubig. Di siya tumingin dun. Tumingin siya kay Jesus. Pero hayan nga't nung sumulyap ang mga mata niya sa mga alon, lumubog tuloy siya. Diyos, dalangin po namin, sa gabing ito, na sila na hahakbang, ngayong gabi'y, makalampas sa sagabal na 'yun ng mga alon, at lalakad nang diretso kay Jesus, dahil sa paanyaya Niya na lumapit. Iyo pong pakinggan kami, Panginoon. At ngayon Iyo pong pagkalooban ang Iyong lingkod ng karunungan na malaman ang gagawin sa oras na ito, na magdadala mismo ng mga pagpapala, ng kaligtasan ng kagalingan, sa pisikal at sa espirituwal man, sa Pangalan ng Panginoong Jesus. Amen.

Salamat.

111 Ngayon kayo na nagtaas ng inyong mga kamay. May bagay ako na itatanong sa inyo. May babaguhin lang ako na kaunti sa gawain, ngayong gabi. Kagabi dinala natin sila sa isang silid. Ngayong gabi, susubukan nating papilahin sila, at ang ilan sa kanila'y pasasampahin natin sa entablado. Tapos, pagkatapos na pagkatapos ng gawain, kapag mangunguna na ang pastor sa gawain, hihilingin ko po, sa inyo na mga nagtaas ng inyong kamay, marahil dalawampu o tatlumpung tao, hihilingin ko sa inyo na pumarito at lumuhod sa altar dito, kung tunay nga ba na seryoso kayo sa pagtataas ng inyong kamay. Kita n'yo, ang Diyos nga'y ipangyayari ito, kung seseryosohin n'yo, at kayo'y magsasalita't sasabihin mismo, "Panginoon, Iyo pong iwaglit

ang bawat pag-uuga ng di pagsampalataya palayo sa akin." Kanya ngang gagawin ito.

112 Kita n'yo, di kayo makalalaya. Di n'yo 'yun magagawa sa daigdig na ito ng siyensiya, gamit ang eroplano. Di n'yo 'yun magagawa sa espirituwal na daigdig, sa espiritu, hangga't ang iiral ay ang inyong pantaong pag-iisip at intelektuwal na pag-iisip, na binabanggit ko, kung ang mga 'yan ay nakakapit pa sa inyo. "Pero, ang . . . mga iglesyang ito'y di naman naniniwala sa Ganyan. Ang iglesyang ito . . . " Huwag n'yong isipin 'yun. Si Jesus Mismo ang May sabi nun. At ang iglesya na nagsasabi sa inyo na, "Mali ito," ay huwad na propesiya 'yun. Di ko sinasabi 'yan dahil sa galit, bagkus sinasabi ko 'yan para maging tapat, dahil tatayo po ako kasama n'yo sa Paghahatol. Ang mga guro na 'yan, na itinuturo nila ang ganoong mga bagay, ay mali. Ngayon hayaan n'yong . . .

113 Sige't ipakikita ko sa inyo kung ano mismo ang sinabi ni Jesus, pagkatapos makikita natin ang dakilang bagay, kung 'yun ba'y maipangyayari. Sa palagay ko may dalawang-daang tao ang kailangang ipanalangin ngayon dito. May gusto akong itanong sa inyo na isang bagay, patungkol sa mensaheng ito ngayon, na *Tumitingin Sa Di Nakikita*. Kung ihahayag ng di nakikitang Ito ang Sarili Nito para tahasang makita, kung ganoon ay ibubunsod nga nito na ang inyong kaluluwa ay makaalpas sa bawat hangganang sagabal. Kung ang Isa na ito na Di Nakikita, ay ibubunsod ang Sarili na tahasang makita n'yo, ay dahil nga ipinangako Niya na gagawin ito. Ngayon alalahanin n'yo, sa . . .

114 Mga Gentil tayo. Ngayon, nung narito pa Siya noon sa lupa, wala na ngang iba na naghihintay sa Kanya't ang mga Judio't mga Samaritano lamang. Tayo, na mga Anglo-Saxon na mga Gentil, mga pagano pa tayo noon. Sumasamba-samba pa tayo sa mga diyus-diyosan; haya't ang ating mga ninuno. Pero ang mga Judio nga'y naghihintay na noon sa Kanya, at ang mga Samaritano'y naghihintay na sa Kanya. At dumating Siya't pinatunayan mismo na Siya ang Isa na 'yun na hinihintay nila, at ang kaso'y di nila Siya pinaniwalaan. Pero may mangilan-ngilan na mga hirang na nakakilala sa Kanya't nakilala Siya; mapasa Judio at sa mga Samaritano man. Ngayon magiging ganoon din ito sa Gentil. Ngayon, ang paraan nga na ginawa Niya para makilala Siya ng Judio at Gentil, kung papaano nga ang ginawa Niya noon . . .

115 Ngayon, may mga nagsasabi-sabi noon, "Anong dahilan at inyong—inyong papatayin Siya?"

Sabi niya, "Dahil Siya'y Tao lang, pero ginagawang Diyos ang Sarili Niya."

116 Siya'y kapwa Diyos at tao. Diyos ang nasa kaibuturan. Si Jesus ang nasa panlabas. Ang panlabas . . . sabi ni Jesus, "Wala Akong gagawin na anumang bagay sa Sarili Ko kundi kung

ano ang makita Ko na ginagawa ng Aking Ama." Alam 'yan ng lahat. "Kung ano ang ipakita sa Akin ng Ama, 'yun ang Aking gagawin."

117 Ngayon pagmasdan n'yo kung papaano Niya inihayag ang Sarili Niya sa mga Judio; sa pamamagitan nga ng pagsasabi kay Pedro kung sino Siya, sa pamamagitan ng pagsasabi kay Natanael kung sino siya at kung ano ang ginagawa niya bago siya pumaroon. Sa ganoong paraan nga. At ang sabi nila, "Ikaw . . . " Sabi ni Natanael, nung marinig niya 'yun, sabi niya, "Ikaw ang Cristo, ang hari ng Israel."

118 Pero 'yung di nananampalatayang Judio, sabi ng daigdig noon ng iglesya, sabi, "Espirituwalista lang Siya. Diyablo Siya. Beelzebub Siya."

119 Sabi ni Jesus, "Sabihin n'yo 'yan sa Akin, ito'y ipatatawad sa inyo," dahil sila'y mga Judio. "Pero, sa pagdating, sa huling mga araw kapag dumating ang Espiritu Santo sa mga Gentil, isang salita lang na laban Dito ay di ipatatawad, sa mundo man na ito o sa mundo man na parating," sa panahon nga na ang Espiritu Santo'y darating para gawin ang siya ring bagay na 'yun na Kanyang ginawa, dahil ang Espiritu Santo'y saksing magpapatotoo sa Kanya. Kaya ilagay natin ang mga sarili natin sa kaseryosohan.

120 Ngayon, naniniwala ba kayo na ang Diyos na 'yun ay ang siya pa ring buhay na Diyos? Naniniwala ba kayo na nabubuhay na tayo sa huling mga araw ng dispensasyong Gentil? At ang mga kaiglesyaha'y naghihintay mismo sa Kanyang pagdating? At naniniwala ba kayo na Kanyang inihahanda sila na maging handa sa Kanyang Pagdating? Ang mga anino ng Kanyang Pagparito'y lumililim na sa ibabaw ng lupa; kagipitan, pagkahinagpis, kagulumihanan na panahon.

121 At ang anino ng Kanyang Pagparito'y inilagay na sa Iglesya Niya. At itong mga bagay na ginagawa natin sa Pangalan Niya ay anino lamang ng kung ano ang gagawin Niya sa Kanyang pagparito. Kapag may nakikita tayong isang batang musmos na nakaratay roon, naghihingalo dahil sa leukemia, ipinanumbalik sa buhay sa loob ng limang minuto, 'yan nga'y anino lamang kapag Siya'y dumating na. Mismong alabok sa lupa'y babangon sa kagandahan ng pagiging kabataan muli. Itong narito'y anino pa lamang, pero ito'y upang ipaalam sa inyo na Siya'y paririto. Tayo nga'y kumawala't isantabi ang bawat tanikala ngayon.

122 At kung Siya'y paririto, sa gabing ito, at gagawin ang siya ring parehong mga bagay na ginawa Niya sa babae sa Samaria at sa Judio, kayo ba na mga Gentil ay sasampalataya sa Kanya, at ibubunsod na makalagan ang inyong kaluluwa? Kayo ba'y sasampalataya? Itaas n'yo ang inyong mga kamay sa Kanya, sabihin, "Ako po'y sasampalataya."

123 Ngayon, mali ang pagkakaintindi natin, kapag sinasabi nating "kagalingan," kapag sinasabi nating "kaligtasan." Wala ngang tao ang makapagliligtas sa inyo. Wala akong pakialam kung ano man ang ginagawa ng taong ito, di niya kayo kayang iligtas; di niya maidadaan sa gaanong karami mang bautismo sa tubig. Wala siyang magagawa para iligtas kayo. Si Cristo ang siyang nagliligtas sa inyo. Pero puwedeng ilatag ng taong ito ang daan para kayo'y maligtas. Puwede niyang ipangaral ang Salita, puwede niya kayong bautismuhan sa tubig, pero si Cristo ang siyang nagbabautismo sa Espiritu Santo. Yun ang sinabi ni Juan, "Nagbabautismo ako sa tubig, pero Siya na darating kasunod ko Siya'y nagbabautismo sa Espiritu Santo at Apoy." Magagawa nga ni Jesus na magpakita ng Kanyang mga tanda na narito Siya, maipapangaral ang Kanyang Salita sa pamamagitan isang ministro, at bababa at pagtitibayin ang Salita na 'yun sa pamamagitan ng pagpunta Niya rito; pero sa inyo mismong pananampalataya haya't kayo'y mapapagaling. Kita n'yo?

124 Ngayon tayo po'y tumaimtim na nang lubos sa abot ng makakaya natin; at, kung maaari po, ngayon, kung maaari. Di ko sinasabi na gagawin Niya. Pero tatawag tayo ng munting pila para sa pananalangin dito. At may isang grupo na rito, sa palagay ko, kung di ako nagkakamali, may nagsabi sa akin na namigay sila ng sandaang mga card. Ibig sabihin may sandaang tao na nakaupo rito na kailangang ipanalangin. Dadako tayo sa kanila, sa bawat isa. Kung di kayo panghihinaan ng loob at aalis, dadako tayo sa bawat isa sa inyo. Kita n'yo? Di nga natin kayang dumako sa lahat nang minsanan, di rin natin kayang patayuin silang lahat nang sabay-sabay. Pero magagawa natin marahil na magpatayo nang ilan nang minsanan, siguro'y apat, lima, o anim, ilan man ang makakaya natin na papuntahin sa ibabaw ng entablado rito, o mula roon hanggang dito sa gilid, kung saan mapapatayo natin sila, hayan nga't wala kasi tayong sapat na espasyo. Pero kung gagawin nga ng Diyos para sa kanila ang ginawa Niya noon, bilang patunay na Siya'y naparito Mismo, kung ganoon ay marapat lamang sa atin na tumingin dun sa Di Nakikita't sumampalataya.

125 Lahat kayo na mga maysakit na nagtaas ng inyong kamay, kung si Jesus ay paririto at gagawin ang siya ring bagay na Kanyang ginawa noong narito pa Siya sa lupa, sa pamamagitan ng mga katawan ng tao . . .

126 Nagulat nga ako nung isang araw, nung makita ko ang isa sa pinaka kilalang tagapagturo, sa tingin ko, sa buong mundo. Siya'y kilalang lalaki. Di sana kayo mamali ng pagkakaintindi sa akin. Si Billy Graham, na ginagamit ng Panginoon, isa pong kalugud-lugod na tao. Pero dun nga sa isang artikulo sa isang pahayagan, na mayroon. . .may tao sa kung saan na sumulat sa kanya, at nais malaman nung lumiham, "Ano po ba ang tingin

n'yo sa trinidad? Ang totoo po, ba'y, tatlo ang Diyos, o isa lang ang Diyos?"

127 Haya't sinagot siya ni Billy Graham, at sabi, "Hindi pa nahahayag." Narito nga 'yung pahayagan sa atin.

128 Oh, kapatid, huwag na huwag kayong maniniwala na may tatlong Diyos. Iisa lang ang Diyos. May tatlong katungkulan ng iisang Diyos. Ang pagka-Ama, pagka-Anak, at Espiritu Santo; bumaba ang Diyos mula sa Langit. Naglumagi Siya roon sa ibabaw ng bundok, bilang isang Haliging Apoy. Bumaba Siya't nagpaging laman at nanahan kasama natin, sa pagka-Anak, mula sa pagka-Ama. At ngayon ay nananahan sa Iglesya Niya, bilang Espiritu Santo. Siya ring Diyos! Hindi tatlong Diyos. Siya ring Diyos! Kita n'yo? Siya ring Diyos!

129 Ngayon, tingnan n'yo, nung narito Siya noon sa lupa. Heto po't pakinggan n'yong maigi ngayon. Nung narito Siya noon sa lupa, sinabi Niya ito, "Kaunti pang panahon, di Ako makikita ng sanlibutan, pero makikita ninyo. Nagbuhat Ako mula sa Diyos, at magbabalik Ako sa Diyos." Ilan ang nakakaalam na sinasabi 'yan mismo ng Kasulatan? Buweno, kung ano Siya nung Siya'y naparito sa lupa, haya't sa Kanyang pagbabalik ay gagawin Niya ang siya ring bagay. "At kaunti pang panahon, at Ako'y kasama ninyo, sasa inyo. At ang mga gawa na Aking ginagawa ay gagawin din naman ninyo." Kita n'yo? Yun ang nagpapaging Siya pa rin. Ang siya ring sanga, na patuloy na tumutubo mula sa Puno ng Ubas. Kita n'yo? Kita n'yo? Isang sanga *rito*, isa uling kapanahunan ng iglesya *rito*, isa uli *rito*; mga sanga mismo 'yan na umuusbong mula sa Puno ng Ubas. Ngayon pansinin n'yo Siya sa sanga roon.

130 Nung narito pa Siya noon sa lupa, sinabi Niya na Siya'y nagbuhat mula sa Diyos, na yaong Haliging Apoy mismo, at sinabi Niya na Siya'y magbabalik sa Diyos.

131 Pagkatapos ng Kanyang kamatayan, pagkalibing at pagkabuhay na mag-uli, si Pablo'y naglalakbay noon sa kanyang daan patungong Damasco, at biglang may kung anong Bagay na nagpasubasob sa kanya. Naaalala n'yo ba? Mga Gawa, sa ika-8 kabanata, sa pagkakaalala ko. At nung siya'y tumingala, ang Haliging Apoy na 'yun na naroon noon sa ilang, si Jesus Cristo nga 'yun na nagbalik sa pagiging Haliging Apoy na bumulag sa mga mata noon ni Pablo. Tama ba? Kung ganoon ay nagbalik Siya sa Diyos. Tapos sabi ni Pablo . . .

Sabi Niya, "Saulo, Saulo, bakit mo Ako inuusig?"

Sabi niya, "Sino Ka po, Panginoon?"

Sabi Niya, "Ako si Jesus." Siya yaong Haliging Apoy.

132 Sasabihin ko ito sa tabernakulo, nang di lumalapastangan, pero alam n'yo ba na ang siya ring Isa na 'yun, ang siya ring Espiritu na 'yun, ay naritong kasama natin ngayon? Hayan ang

Kanyang litrato na isinabit natin dito, kuha mismo ng daigdig ng siyensiya. At ang mga tanda na 'yun na ginawa Niya noon, ay ipinapakita mismo na Siya'y patuloy na nabubuhay sa Kanyang Iglesya; hindi nga ibang uri ng tanda, bagkus siya ring tanda. "Kaunti pang panahon, at di na Ako makikita ng sanlibutan," ng mga intelektuwal, "pero, kayo," na nakalampas sa hangganan ng ugong, na nananampalataya sa Salita, "inyo Akong makikita." Umaasa ako na kabilang kayo sa "kayo" na ito ngayong gabi.

Manalangin po tayo.

133 Panginoon, ngayon, sa natitira pa pong bahagi ng gawain, ito po'y nakasalalay sa Iyo, matapos ang mga salitang ito, para pagtibayin na ang Iyong binigkas ay Katotohanan. Dalangin ko na ipagkakaloob Mo ang mga pagpapalang ito, sa pamamagitan ng Pangalan ni Jesus Cristo. Amen.

134 Ngayon ilan po. . .Sa mga may prayer card dito, di namin kaya na patayuin kayo nang sabay-sabay nang minsanan. Pero huwag kayong mawalan ng pag-asa, ngayong gabi, bukas man ng gabi, Linggo at Linggo ng gabi, at iba pa, makadadako kami sa inyo. Pero ngayon simulan na natin ang para sa gabing ito, at simulan na nating magpatayo ng ilan. At sa inyo po na may card, pero di makalakad, tatawagin ko kayo isa-isa't kayo po'y papupuwestuhin dito. Kung di kayo makalakad, sa pagtawag ko sa numero n'yo, haya't itaas n'yo lang inyong kamay, at may ilang mga usher ang pupuntahan kayo at dadalhin kayo rito. Sige po.

135 Prayer card bilang isa, sino po ang may hawak? Itaas mo ang kamay mo kung nasa iyo ang prayer card bilang isa. Itaas mo ang kamay mo. Buweno. Baka ang tao'y hindi. . .Buweno, nagkamali lang ako. Nasaan si Billy? Hindi kaya. . .Ano po? [May nagsasabi, "A bilang isa?"—Pat.] Opo, sige po. Kung kaya mong lumakad, ginoo, pumunta ka lang dito.

136 Prayer card bilang dalawa. Kung kaya mong itaas ang iyong kamay, itaas mo ang kamay mo. Sige po.

137 Bilang tatlo. Dito lang po, maaari ka bang pumarito, kung kaya mo. Ngayon, kung di mo kaya, iwagayway mo lang ang kamay mo, at may ilan na aalalayan ka nila rito. Bilang tatlo.

138 Bilang apat. Ano po ba 'yung letra? [Sinasabi ng isang kapatid na lalaki, "J."—Pat.] J? Sige. Bilang apat, maaari mo bang itaas ang kamay mo. Ang binibini sa likod, nakatayo na siya.

Bilang lima.

139 Ngayon kapag nagpupunta riyan si Billy para ipamigay ang mga prayer card, o si Leo, o si Gene, si Kapatid na Wood, o sino man na namimigay, nagpupunta nga sila rito sa harapan n'yo, at pinaghahalo-halo ang mga card, nang sama-sama't, iniaabot ang card na mapili n'yo. Kita n'yo? Kaya kumpurme sa inyo, kayo po ang umaabot ng card. Marahil inyong. . .Yung isa na nakaupo

rito'y ang hawak niya ay bilang isa, 'yung katabi ay marahil bilang labinglima, tapos napunta sa likod 'yung bilang dalawa. Halo-halo po. Sige.

140 Prayer card bilang tatlo, sino ang may hawak? [May isa na nagsasabi, "Nandiyan na po."—Pat.] Nandito na? Sige.

Bilang apat.

141 Bilang lima. [Sinasabi ng isang kapatid na lalaki, "Nasa akin ang bilang lima."—Pat.] Bilang lima.

142 Bilang anim. Doon sa likod na likod, sige. Kung kaya mo, diyan sa likod, padaanin n'yo po ang kabataang babae.

143 Bilang pito, puwede mo bang itaas ang iyong kamay. Bilang pito ba 'yang hawak mo, kapatid na babae? Sige.

144 Bilang walo, maaari mo bang itaas ang kamay mo, kung kaya mo. Ang ginang dito, bilang walo. Sige, kapatid na babae, pumunta ka na sa puwesto mo.

Bilang siyam. Ang ginang dito. Sige, kapatid na babae.

145 Bilang sampu. [May nagsasabi, "Nasa sulok."—Pat.] Sige. Bilang sampu. Siguro'y—siguro'y tumigil muna tayo riyan, dahil sumisikip na tayo rito nang kaunti. Siguro po'y umatras lang kayo nang kaunti, kung maaari. Buweno, sampu muna sa ngayon. Ngayon sige't . . . Bilang sampu ang bilang mo, siyanga ba, kapatid na babae? Sige't kung kaya mong pumunta rito, ang mga kalalakihan dito, papipilahin ka nila. Ngayon, sige.

146 Ilan? [May nagsasabi, "Siyam."—Pat.] Wala pa ang bilang siyam. [Sinasabi ng isang kapatid na lalaki, "Hindi. *Nandito* siya, Kapatid na Billy."] Oh, nandiyan—nandiyan, hindi, oh, kung di siya makalakad, hayaan n'yong makaupo siya riyan at dalhin lang siya kapag natawag na ang numero niya. Ayos lang po 'yan. Basta't kapag ang bilang mo . . . Kung di ka makatayo nang matagal, kapatid na babae, hintayin mo lang na ang numero mo ay matawag, tapos puwede ka nang pumunta. Ayos lang po. Sige, maupo—maupo ka lang. Ayos lang po. Ngayon, kung di siya makalakad, buweno, kapag natawag ang numero niya, may ilang tao riyan na aakay sa kanya papunta rito, o kung ano pa. Ayos lang. Sige.

147 Bilang, ano nga po uli 'yung bilang na nawawala? [May nagsasabi, "Nandiyan na po silang lahat."—Pat.] Nandito na lahat. Sige. Ngayon ilan po ang mayroon tayo? Yan ba 'yung dulo ng pila riyan? Buweno, sige po.

148 Ngayon, ngayon gusto kong malaman mula sa inyong lahat na narito sa pilang ito, na nakatayo rito sa pila ngayon, gusto ko pong tanungin kayo ng isang katanungan. Taimtim po ba kayong nananampalataya na si Jesus Cristo ay Anak ng Diyos? At nananampalataya ba kayo na Siya'y nagbangon mula sa patay? At di Siya patay ngayon, kundi nabubuhay Siya. Kayo ba'y nananampalataya na—na kaya Niyang magpamalas at gawin

ang siya ring mga bagay na ginawa Niya noon nung narito pa Siya sa lupa? At kayo ba'y nananampalataya na isinugo Niya ang Kanyang Espiritu sa Kanyang Iglesya, upang ipagpatuloy ang Kanyang gawain?

149 Ilan sa inyo ang estranghero sa akin, itaas n'yo ang kamay n'yo? Yung di ko kayo kakilala. Buweno. Di ko kayo kakilala. Buweno. Buweno. Yan na po ba ang lahat ng mga kamay? Ang lahat ng mga kamay na nakataas, na di nila ako kakilala? Buweno. Ako'y estranghero sa mga taong ito. Hindi ko pa sila nakikita kahit kailan.

150 Ilan sa mga narito sa gusali ang estranghero sa akin, na di ko kayo kakilala. Hindi, hindi lang 'yung mga nakapila rito, sige't kung saan man kayo nakapuwesto. Buweno, nakikita ko, na halos kalahati ng kongregasyon ay estranghero. Sige. Kung ako po'y estranghero sa inyo, gusto kong tanungin kayo na mga nariyan sa—sa mga nakikinig. Kung si Jesus ay nabubuhay sa panahon ngayon . . . At tingnan n'yo kung ito'y Kasulatan.

151 Minsan may isang babaing may malubhang suliranin, pag-aagas ng dugo. Tinitiis niya 'yun nang halos labing-dalawang taon, sa pagkakaalala ko, o mahaba pa nga. At ginastos na niya ang lahat ng pera niya para magpa-doktor.

152 Heto ang dalawang binibini nakaupo sa silyang de gulong. Sumasampalataya ba kayo, mga binibini, na si Jesus ay bumangon mismo mula sa patay? Kayo ba'y nais makasumpong sa Kanya ngayong gabi ng kagalingan? Mayroon ba kayong—mayroon ba kayong . . . May prayer card ba kayo? Sige. Di pa natatawag. Ayos lang 'yan. Manatili lamang na matapat sa pananampalataya. Sige.

153 Huwag mag-alinlangan. Sumampalataya lamang ngayon. At kung ang card n'yo ay di natawag ngayong gabi, bumalik lang bukas ng gabi, kita n'yo. Magpatuloy lang na . . . Kahit na ano pa, magpunta lang nang magpunta, kita n'yo, dadako rin dito. At di n'yo nga kailangan ng card kung tutuusin. Kayo po'y manampalataya lamang. Masdan n'yo kung anong mangyayari.

154 At sa inyo riyan na mga nakikinig, na walang prayer card. Ilan dito ang walang prayer card? Itaas n'yo ang kamay n'yo. Tingnan n'yo. Ngayon kayo na walang prayer card, kung ang mga taong ito rito . . .

155 Ibabatay ko po sila sa Kasulatan. Lahat ng ginagawa natin ay dapat na ayon sa Kasulatan, mula Genesis hanggang sa Apocalipsis. Kinakailangan na sa Diyos mismo. Gaya nga ng napangusap ko kagabi, kinakailangan na naaayon "mula sa pasimula." Kita n'yo? Ngayon, kung wala kayong prayer . . . Sa mga narito na walang prayer card, hihilingin ko sa kanila na bumaling sa mga Kasulatan kung papaanong pinakahuhulugan 'yun sa Biblia, kapwa sa mga kalalakihan at kababaihan man.

156 At kaya sa inyo na nariyan, na wala nitong, ng—ng prayer card, na di kayo makapupuwesto rito sa pila, ngayong gabi. Ngayon, puwede kayong makakuha ng mga prayer card uli bukas. Pero ngayon. . . At pauubusin 'yun. Marami po, at sila po'y papupuntahin natin sila rito, sa kung anong paraan, at sila po'y ipapanalangin, kung kayo lamang ay makapagtitiis. Hindi n'yo kailangang magmadali; kita n'yo, tapos mararamdaman n'yo 'yung pagtibok mismo. Kita n'yo? Tumayo lamang nang taimtim, sabihin, "Diyos, narito po ako. Nakikilala Mo ako." At—at, pagkatapos, sabihin n'yo 'yun.

157 Haya't may Kasulatan nga sa Biblia, kung saan may babae na may pag-aagas ng dugo, at nakipagsiksikan siya sa kumpol ng mga taong naroon na para bang pinatatahimik nila siya. At ang gusto lang niya'y makalapit sa Guro, sa Panginoong Jesus. At sa huli'y nakalapit din siya sa kung nasaan ang Panginoon, dahil sinabi niya sa puso niya, "Kung mahihipo ko lamang ang damit ng Lalaking 'yun, ako'y gagaling." Ilan ang nakarinig na sa kuwentong ito? Ngayon, si Jesus nga'y, naglalakad na nakabuntot ang madla, at ilang sandali pa'y hinipo Siya ng babae. Sa puso niya, nasa diwa niya. Anong ginawa niya nung oras na 'yun? Hayun nga ang hinahangad niya na mangyari. Nung hipuin niya 'yun, siya nga'y nakalampas sa hangganan ng ugong. Yun na 'yun. Siya'y malaya na. Dahil sa puso niya, sinambit niya, "Ginawa ko ang nasa diwa ko. 'Kung hihipuin ko, gagaling ako.'"

158 At sumasampalataya ba kayo, na kung ihahayag ni Jesus ang Sarili Niya na mapagkilanlan ngayong gabi, ay makakamit n'yo ang siya ring bagay na 'yun? Buweno. Ngayon manampalataya lamang kayo. Ingatan n'yo 'yan sa puso n'yo.

159 At pagkatapos ang babae'y lumakad na palayo, naroong nakahalo sa mga tao sa kung saan, marahil, at naupo. Si Jesus ay napahinto, at nagsabi, "Sino ang humipo sa Akin?"

160 At sabi ng mga tao, "Wala naman pong humihipo sa Iyo." Sabi ng lahat dun, "Hindi kami. Hindi kami." Tumanggi ang lahat. "Wala pong humihipo sa Iyo."

161 Tapos sabi ni Pedro, "Panginoon," mistula pa nga niyang pinagsabihan ang Panginoon, at ang sabi, "ano po't sasabihin Mo ang isang bagay na tulad n'yan?" na ganun ang pagkakasabi, "'Sino bang humipo sa Iyo?' gayong lahat naman dito'y napapahipo sa Iyo, napapadikit sa Iyo? 'Kumusta Rabi! Masaya kami na makita Ka, Rabi! Kumusta, Jesus, ang Propetang taga-Galilea! Kami—kami nga'y nagagalak na makita Ka! Kumusta Ka na po?' Lahat nama'y napapahipo sa Iyo."

162 Sabi Niya, "Totoo naman 'yan. Pero may humipo sa Akin sa ibang paraan." Yung ganoong paghipo nga ang hangarin n'yo. "May humipo sa Akin sa isang paraan na nalampasan ng taong ito ang hangganan ng ugong. Naramdaman ko na may bisa, na

may panghihina, na lumukob sa akin, may kapangyarihan na lumabas mula sa Akin."

163 Tapos tumingin Siya sa paligid. At sa Kanya'y nananahan ang Espiritu ng Diyos. Naniniwala ba kayo roon? Tapos tumingin Siya sa paligid, sa mga taong naroon, hanggang sa masumpungan Niya ang tao na humipo sa Kanya. At sinabi Niya sa babae ang kondisyon nito, at sinabi na ang pananampalataya ng babae ang nagligtas sa babae. "Walang pangitain?" Wala, nabatid lamang Niya na ang pananampalataya ng babae ang nagligtas dun sa babae, dahil sa hatak na 'yun ng buong pananampalataya na naroon, na haya't buong-buo mismo na nasa babae.

164 Ngayon, kung si Jesus ay siya rin ngayon, hindi ba't ganoon din ang gagawin Niya? Ngayon, papaano n'yo mapagkikilala na Siya 'yun? Kita n'yo, ngayon, kinakailangan n'yong isuko't itagubilin ang sarili ninyo.

Ngayon heto nga ang dako kung saan dapat lamang akong tumingin sa Di Nakikita.

Kayo po ba ang una? Nasaan na?

165 Sino po . . . ang nagpapanatili ng pila? Kayo po ba, Kapatid na Neville? Oh, si Billy. Sige.

166 Kayo po ba ang una? Sige. Ngayon lumapit lang kayo nang maigi, kung magagawa mo, ginoo.

167 Heto ang isang lalaki na di ko pa . . . Sa pagkakaalam ko'y binanggit mo na di tayo magkakilala sa isa't isa, kaya ito ang unang beses nating pagkikita. Papaano ko makikilala ang lalaking ito? Hindi ko alam. Diyos ang nakakaalam, sa abot ng aking—sa abot ng aking nalalaman, di ko pa siya nakikita sa buong buhay ko. Heto nga na ganap mismong estranghero.

168 Ngayon, kasasabi ko lang na si Jesus Cristo ay siya ring kahapon, ngayon, at magpakailanman. Ngayon, 'yun nga'y pagbatay mismo sa lubos na pananampalataya. Kung hindi, kung ganoon ay ipokrito ang labas ko nito, at ang Biblia ay kasinungalingan. Ngayon, ano bang dapat kong gawin ngayon? Ang tumingin ba sa kung anong intelektuwal na bagay? Paano ko magagawa? Kinakailangan kong tumingin mismo sa Di Nakikita. Pero bakit 'yun ang ginagawa ko? Kanya kasi itong ipinangako. Hayan nga. Ngayon, *ikaw* nga'y ganoon ang gawin mo, at *ikaw* riyan ay ganoon din ang gawin mo. Lahat kayo'y ganoon mismo ang gawin n'yo. Ito'y hinding-hindi mabibigo. Kung sa ganang akin lang ay mabibigo, sa ganang inyo lang ay mabibigo, pero ang Diyos ay di nabibigo.

169 Ngayon heto ang dalawang lalaki, nagkita sa pinaka unang pagkakataon sa buhay nila. Ngayon, heto po, gugugol lang ako ng ilang sandali rito.

170 Ngayon, ito'y batay sa Kasulatang tagpo. May isang lalaki na humayo at sinundo ang isang lalaki, at dinala ang lalaking ito sa isang simbahan, o kung saan naroon noon si Jesus, at ang pangalan ng lalaking ito ay Natanael. Hindi pa Siya nakikita kailanman ni Jesus. Pero mangyari nga na nung ang lalaki'y papalapit kay Jesus, sabi ni Jesus, "Narito ang isang Israelita na sa kanya'y walang daya."

171 Kung sasabihin ko 'yun sa panahon natin para makuha n'yo ang sinasabi ko, sasabihin ko, "Heto ang isang tapat na lalaki, isang mananampalatayang Cristiano." Sasabihin ng mga tao . . .

172 "Papaano," sabi nung lalaki, "Rabi, papaano, hindi Mo pa naman ako nakikita sa buong buhay Mo. Papaano mo Ako nakilala? Papaano Mo nalaman?" Ngayon, wala nga 'yun sa paraan ng pananamit niya, dahil lahat ng mga tao sa Silangan noon ay pare-pareho ang damit. Puwedeng isang Griyego siya. Puwede ring isang taga-Egipto siya. Puwede siyang—siyang kung anu-ano pang iba't maraming puwede.

173 Pero sinabi ni Jesus, "Isa siyang Israelita. At siya'y tapat, at walang anumang daya sa kanya."

Sabi nung lalaki, "Papaano Mo nalaman?"

174 Sabi niya, "Bago ka pa tinawag ni Felipe, noong naroon ka sa ilalim ng puno, nakita na Kita." Hayun nga roon si Jesus ng kahapon.

175 Kung Siya'y ganoon pa rin mapasa hanggang ngayon, at nananahan sa atin, yamang ipinangako Niya na Siya'y ganoon, at mapagkikilanlan sa lalaking ito rito. Ang lalaki'y marahil naparito dahil sa suliranin sa pera. Marahil may taning na ang lalaking ito. Marahil siya'y lalaking makasalanan. Marahil siya nama'y lalaki ng katuwiran. Di ko alam. Di ko masasabi sa inyo, pero nalalaman nga ng Diyos. Kung ganoon, kung Kanya ngang ihahayag ang Sarili Niya rito na mapagkilanlan, na si Jesus ay nabubuhay, at sasabihin sa lalaki, kung ganoon ay ang lalaking ito ang humusga mismo kung tama nga ba o hindi. At pagkatapos ibubunsod ba nun na manampalataya kayong lahat sa Kanya? na Siya'y nakikita rito. Yun nga ang Kanyang pagka-Siya. Ngayon di Niya ipakikita ang Kanyang Sarili sa korporal na katawan. Sa Kanyang Espiritu po.

176 Ngayon, ipinahintulot Niya na ang litrato Niya'y makunan dun, nakikita n'yo 'yun, na mayroon ang daigdig ng siyensiya sa Washington, DC. Ang siya ring Anghel ng Diyos, siya ring Haliging Apoy, Na nanahan kay Jesus, na ginawa ang parehong bagay kay—kay Felipe, o kay Natanael. Hayan ang siya ring Jesus na nangako na paririto at mananahan sa atin, at gagawin ang parehong mga gawa. Lahat ba'y nauunawaan 'yan nang lubos ngayon? Buweno.

177 Ngayon, Panginoon, mapagkilanlan nawa na Ikaw ang Diyos, at kami'y Iyong mga lingkod. Tapos, iniibig Mo kami.

At may pagnanais Ka na ang mga taong ito'y manampalataya sa Iyo, at lampasan ang lahat ng mga sagabal ng kasalanan sa mundo, nang sa gayon sila'y maligtas at mapagaling para sa Iyong kaluwalhatian. Amen.

178 Ngayon, babanggitin ko rin itong ginawa ni Pedro sa may pintuan na tinatawag na Maganda, sa lalaking 'yun na lumpo mula pa sa sinapupunan ng kanyang nanay, sabi, "Tumingin ka sa'min." Ang hinihiling ay—ay manampalataya, makuha ang. . . pansin ng lalaking 'yun, makuha ang kanyang atensyon.

179 Katulad ng ginawa ng ating Panginoon sa babae sa may balon. Nahagip Niya ang babae't nahagip sa pamamagitan ng pakikipag-usap sa babae. Sabi, "Dalhan mo Ako ng maiinom na tubig." Kita n'yo, nagpatuloy, sa pakikipag-usap.

180 Ngayon, yamang di kita kilala, isa ka nga lang lalaki mula roon sa mga nakaupo. At yamang di kita kilala, at pagkatapos ipababatid sa akin ng Panginoon ang isang bagay na ginawa mo sa iyong buhay, o bagay na minimithi mo, pinansyal man, kalusugan, o anupaman, at haya't ipaliliwanag 'yun nang totoo at malinaw na malinaw, para ikaw nga'y makasasampalataya na narito Siya upang ipagkaloob sa'yo ano man ang hinihiling mo. Gagawin mo ba 'yun? [Sinasabi ng kapatid na lalaki, "Amen. Tunay na gagawin ko po."—Pat.] Sige.

181 Magpitagan ngayon. Ngayon manatili po sa pananalangin, hanggang sa ang Espiritu Santo'y unti-unting lulukob sa atin.

182 Opo. Nakikinita ko ang lalaking ito. At siya po'y. . .May nakikita akong maliit na tao na nakatayo sa malapit, na siyang pinaghihilingan ng tugon ng lalaking ito, o, siyang ninanais ng lalaki na maipanalangin. May ibang tao ka na gusto mong maipanalangin. Isa pong—isang batang babae, isang munting batang babae. At hindi ka taga-rito sa bahaging ito ng bansa. Nakatira ka sa malapit sa—sa isang malaking lawa, sa kung saan. Ito'y, galing ka sa isang bayan na malapit sa isang malaking siyudad na may malaking dome. Ito'y Buffalo, New York. Malapit ka sa Buffalo, New York. Mataas ang presyon ng dugo mo. Yun ang suliranin sa iyo. Pero ikaw nga'y nananalangin para sa batang ito. Naniniwala ka ba na ako'y lingkod Niya? [Sinasabi ng kapatid na lalaki, "Walang pasubali."—Pat.] Ikaw si G. Holden. Yun ang pangalan mo. Bumalik ka na't tanggapin ang hinihiling mo. Ipatong mo ang panyo na 'yan sa bata, ang bata ay gagaling. . .?. . .

183 Nananampalataya ba kayo na buhay si Jesus Cristo? Ano ito? Ang Di Nakikita'y kita na. Ano 'yun? Ang siya ring Jesus, siya ring mga bunga, siya ring mga tanda, siya ring bagay na ginawa Niya noon.

184 Ngayon heto ang isang babae, na kasunod. Makikipag-usap ako sa kanya gaya ng ginawa ni Jesus sa pakikipag-usap sa babae sa balon. Tayo ba'y estranghero sa isa't isa? [Sinasabi ng kapatid

na babae, "Opo."—Pat.] Tayo nga. Para malaman ng mga tao, sa labas, sige't—sige't itaas mo ang kamay mo. Mangyaring ito ang una nating pagkikita. Hindi tayo magkakilala.

185 Ngayon, wala nga akong nalalaman tungkol sa lalaki kani-kanina lang, pero, ano't anuman 'yun, wala akong kinalaman sa pagpapagaling sa kanya. Diyos ang gumawa nun. Yung pananampalataya ng lalaki ang nagbunsod nun. Wala akong kinalaman dun. Isa lang 'yung kaloob.

186 Dahil, sa gusali pong ito ngayon, ay ang siya ring uri ng mga Anghel na nakita ni Gehazi noong buksan ni Elias ang kanyang mata. Narito sa gusali ang Panginoong Jesus. Kaya, huwag kayong tumingin sa nakikita n'yo. Tumingin kayo sa di n'yo nakikita. Dahil, pangako ng Diyos na nagsabi ang Diyos na Kanya itong gagawin, at ginagawa na Niya mismo.

187 Ngayon, nakipag-usap Siya sa babae nang ilang saglit, hanggang sa masumpungan Niya kung ano ang suliranin sa babae. At 'yung ganoon ding paraan ang nais kong gawin sa iyo, dahil Siya'y nananatiling siya pa rin. Yamang ako'y isang estranghero, at di ka nakikilala, kung ganoon Kanyang . . . Yun nga'y magiging ganoon din, na may sobrenatural, may kung anong paraan, na makakaugnay ka. Nananampalataya ka ba na ang Panginoon mo ang siyang nagtutulot na magawa ko 'yun?

188 Ngayon, mainam na malaman n'yo ito, may isang bagay na nangyari sa gusali ngayon-ngayon lang, isang kagalingan. Sa isang ginang na nakaupo rito, dito sa mga tagapakinig, na may kalakihang-katawan na ginang. Nakataas ang mga kamay niya, at ang mga mata niya'y nakapikit, nananalangin. May suliranin siya sa bituka at sakit ng likod, at nananalangin siya sa Diyos na pagalingin siya. Nakaupo siya rito, nakasuot ng salamin, at maitim na damit, dito sa dulo ng hilerang ito.

189 Ikaw na nakataas ang mga kamay, 'yun nga ang suliranin sa'yo. Kung tama, itaas mo ang mga kamay mo nang paganoon. Di kita kakilala, di po ba? Hindi, po. Tayo'y di magkakilala. Umuwi ka na sa tahanan mo ngayon. Nahipo mo ang laylayan ng damit Niya. Siya ang nahipo mo, dahil ako'y dalawampung talampakan ang layo sa iyo. Haya't Siya ang nahipo mo, ang Dakilang Saserdote na nahihipo't nahahabag sa ating mga kahinaaan.

190 Ngayon, ang iba pa sa inyo. Hayan nga ang isang ginang na walang card, walang kahit na ano, nakaupo lang doon na naghihintay. Gawin n'yo ang ganoon din. May ilan . . .

191 Ikaw ang asawa ng lalaking nandito kanina, dahil nakita ko kayo sa iisang bahay. At pinahihirapan ka ng sakit na pagka nerbiyos. Tapos, nakinita rin kita na nagtungo ka sa doktor at nagpa-eksamin ka, at ang eksaminasyon ay sa mga ibabang bahagi. At sabi ng doktor, nung tumingin, "Ang sabi'y mga tumor." At sa tiyan 'yun at sa mga bahaging pambabae,

at gustong maoperahan ka, pero may pananampalataya ka, at naniniwala ka na kung pupunta ka rito at ipapanalangin kita, gagaling ka. Kung tama, itaas mo ang iyong mga kamay, nang sa gayon makita ng mga tao.

192 Ngayon, Siya na nakikilala ang babae rito, at alam ang mga kalagayan niya, hindi ba't magagawa Niya ito?

Halika rito.

193 Panginoong Jesus, Iyo pong ipagkaloob, Oh Diyos, na ang pananampalataya niya at galak ay mapunan, ngayong gabi, na siya'y mapalaya nang lubos, at magdala ng galak at kaligtasan sa mga tao na nakakaugyanan niya. Pinahahayo ko siya . . . at pinalalayas ang kasamaan na ito mula sa kanya, sa Pangalan ni Jesus Cristo. Amen.

194 Iba na ang pakiramdam mo ngayon. Magpatuloy ka lang na 'yan ang nadarama't, magalak, lulubayan ka na nito nang husto, kailanman.

195 Kumusta ka? Tumaimtim lang nang lubos, pansumandali. Sa abot ng nalalaman ko, ito ang una nating pagkikita. Pero nakikilala tayong dalawa ng Diyos. Nalalaman Niya ang mga tungkol sa iyo at nalalaman niya ang mga tungkol sa akin. At kung ihahayag Niya sa akin kung ano ang ipinunta mo rito, o bagay na nagawa mo, na di mo dapat ginawa, o bagay na dapat ay ginawa mo, na di mo nagawa; pero alam mo nga na wala akong alam sa kung ano ang ipinunta mo rito. Kung tama, itaas mo ang kamay mo. Pero kinakailangang, dumaan ito sa kung anong espirituwal na pagkilala. Nagagalak ako na Siya'y siya pa ring kahapon, ngayon, at kailanman.

196 Di ka humihiling ng panalangin para sa sarili mo, gayong kailangan mo ito. Humihiling ka para sa anak mong lalaki. At wala rito ang anak mo. Nasa malaking siyudad siya, isang malaking siyudad, at nasa Silangan ito. Nakapunta na ako roon. Yung huli kong malaking gawaing panlabas ay doon, sa Philadelphia. Tama. Ang anak mong ito'y mangangaral. At kanila ngang ooperahan siya. At ineeksamin nila siya dahil may—may kung anong pumutok sa kanya. Ito'y GANITO ANG SABI NG PANGINOON. Kita n'yo? Nananampalataya ka ba na gagawin ng Diyos ang hinihiling mo sa Kanya? [Sinasabi ng kapatid na babae, "Opo. Opo, nananampalataya ako. Opo, tunay na nananampalataya ako na magagawa Niya."—Pat.]

197 Oh Diyos na Walang Hanggan, Iyo pong patotohanan ang pananampalataya ng babaing ito sa pamamagitan ng mga tanda't kababalagan. Iyo pong ipagkaloob ang paglaya para sa bagay na ito na hinihiling niya. Sa pamamagitan ng Pangalan ni Jesus Cristo'y hinihiling ko ito. Amen.

Nawa'y ipagkaloob sa iyo ng Diyos ang hinihiling mo.

At magpitagan po.

198 Munting ginang na may panyong nakatakip sa ilong niya, nananalangin para sa suliranin niya sa ulo niya. Ikaw ba'y nananampalataya na paiigihin ng Panginoong Jesus ang lagay mo? Ang ginang pong nakaupo rito sa tabi ng lalaking naka-salamin. Nananampalataya ka ba na pagagalingin ka ng Diyos, munting ginang na nakasuot ng parang asul na damit? Itaas mo ang kamay mo kung 'yun ang suliranin mo. Humayo ka at mapagaling na. Pinagaling ka na ng pananampalataya mo.

199 Nananampalataya ka ba na si Jesus Cristo, na Anak ng Diyos, ay magagawang ihayag sa akin kung ano ang ipinunta mo rito? Maraming bagay ang suliranin sa iyo; malubhang pagka nerbiyos, komplikasyon, suliraning pambabae, sakit na pambabae, halos mahimatay, teribleng mga kondisyon. Hindi ka taga-rito sa siyudad na ito. Pero, taga-Indiana ka, Lafayette. Gng. Elison, makakababalik ka na. Nilisan ka na ng sakit mo. Makauuwi ka na't ipakita mo ang ginawa ng Diyos para sa iyo. Amen.

200 Nananampalataya ka ba na masasabi sa akin ng Diyos ang ipinunta mo rito? Kung gagawin Niya, sasampalataya ka ba sa Kanya nang buong puso mo? Hindi ka naparito para sa sarili mo. Naparito ka para sa sanggol na 'yan. Kung sasabihin sa akin ng Diyos kung anong suliranin sa sanggol na 'yan, ikaw ba'y maniniwala sa akin? Tumor sa dugo. Tama, di po ba? Ikaw ba'y sumasampalataya, na kung hihilingin ko sa Diyos na alisin 'yun mula sa sanggol na 'yan, ang sanggol ay mabubuhay?

201 Iyuko n'yo ang inyong mga ulo. Ngayon, ang sanggol po'y masyado pang maliit para makapanampalataya. Kita n'yo?

202 Oh Panginoong Diyos, nagdala sila sa Iyo noon ng mga musmos, at pinagpala Mo sila. At ang siya ring Jesus ay narito't nakatayo rito mismo ngayon.

203 Kinokondena ko ang diyablong ito na sinusubukang kunin ang buhay ng batang sanggol na ito. Lubayan mo siya, Satanas. Sa Pangalan ni Jesus Cristo, lumayas ka mula sa sanggol na ito.

204 Ngayon kunin mo. Huwag mawalan ng pananampalataya. Ang bagay na 'yun ay lilisan mula sa sanggol. Manampalataya lamang.

205 Ang tatay, na nakaupo riyan na ang ulo'y nakayuko, na may suliranin sa pantog ng apdo. Di kita kakilala, pero ikaw nga'y nakikilala Niya. Pinahihirapan ka n'yang mga pag-atake sa iyong pantog ng apdo. At may matinding presyon ka sa dibdib mo. Kung tama, itaas mo ang kamay mo. Naniniwala ka ba na ako'y propeta Niya? Kung ganoon umuwi ka, mula sa pagtitipon na ito, at kailanma'y di na pahihirapan nito muli. Gumaling ka, sa Pangalan ng Panginoong Jesus.

206 Naniniwala ka ba na ako'y lingkod Niya? Kung sasabihin sa akin ng Diyos ang suliranin sa iyo, makasasampalataya ka ba nang buong puso mo?

207 Ngayon may bagay na nangyayari sa gusali. Magpatuloy lang sa pananampalataya. Pero may bagay nga na parating na, malakas, sobrang lakas. May babaing itim na nakatayo sa tabi ng isang ginang dito. Medyo nawawala. Nakikita ko ang isang babaing itim. Nakaupo siya sa likod *dito*. May artritis siya't mga komplikasyon. Nakaupo siya sa tabi ni Gng. Bell riyan. Nakasuot siya ng itim na sumbrero. Di ko siya kakilala. Pero, kapatid na babae, kung makasasampalataya ka sa Diyos sa paraan na ipinangako mo sa Kanya ay manampalataya ka sa Kanya, matatapos ito.

208 Ngayon, nang sa gayon malaman n'yo na ito ang Espiritu ng Diyos. Sa kasunod na hilera, sa likod ng babae, may lalaki na nakaupo riyan na may suliranin sa kanyang leeg. Kung ikaw ay makasasampalataya, ginoo, pagagalingin ka ng Diyos kung sasampalatayanan mo lang ito. Sumasampalataya ka na ba? Itaas mo ang kamay mo. Estranghero ako sa iyo, pero Siya'y hindi.

209 Kita n'yo, saan man kayo naroon, manampalataya lamang sa Diyos. Magagawa n'yo na bang lampasan ang hangganan na 'yun ng di-pagsampalataya ngayon? Maitutulot n'yo ba na ang Espiritu Santo'y pumarito na ngayon at mamahala? Kung inyo ngang magagawa, maaari itong mangyari.

210 Lilisanin ka ng diabetes na 'yan, kung sasampalatayanan mo lang. Humayo na kayo sa inyong daan at magalak.

211 Ano po ang pinagbubulay n'yo tungkol dito? Siya ang Lila ng Libis, ang Tala sa Umaga.

212 Kung sasampalataya ka para sa anemikong kondisyon na 'yan, lilisanin ka n'yan. Sinasampalatayanan mo ba? [Sinasabi ng kapatid na babae, "Opo."—Pat.] Humayo ka na sa iyong daan, magalak, kung ganoon.

213 Sinasampalatayanan n'yo ba? Manampalataya tayo nang buong puso natin.

214 Kung nananampalataya ka, humayo ka na't kumain na ng hapunan mo. Yang ulcer na 'yan na nasa tiyan mo'y nilisan ka na. Humayo ka, kumain, at manampalataya.

215 Kung sasampalataya ka, di ka mamamatay. Nilisan ka na ng kanser. Sumasamplataya ka ba? Humayo ka't magalak.

216 Ilan ang sumasampalataya nang buong puso n'yo? Kayo po'y tumayo lang ngayon. Tumayo kayo, nang madali. Itaas n'yo ang inyong mga kamay, dali-dali, at sa Diyos.

217 Ngayon, nang sama-sama, lampasan natin ang bawat sagabal. Manampalataya na narito ang Diyos, at ang mga sakit at karamdaman ay aalis. Bawat isa, manalangin sa kani-kanilang paraan.

218 Oh Panginoong Diyos, Maylalang ng kalangitan at ng lupa, akin ngayong itinatagubilin ito sa Iyo, ang mga taong ito na

naparito. Hinahatulan ko ang diyablo. Sinasaysay ko mismo na si Jesus Cristo, na Anak ng Diyos, ay narito. Sa Pangalan ng Panginoong Jesus, maitulot nawa na ang bawat maruming espiritu ng pag-aalinlangan, pamahiin, di pagsampalataya, at kasalanan, ay magsilisan palayo ng gusaling ito.

Lumayas ka, Satanas. Inuutusan kita sa pamamagitan ni Jesus na Anak ng Diyos.

219 Bawat isa sa inyo'y magpatong ng kanilang mga kamay sa isa't isa ngayon, at magpanalanginan sa isa't isa, saanman sa gusali, at pagagalingin kayo ng Diyos. Manampalataya nang buong puso n'yo. Magpatungan kayo ng kamay sa isa't isa, simulan n'yong manalangin para sa isa't isa. Ganoon po. Yun po ang dapat n'yong gawin.

220 Lahat ng nananampalataya na pinagaling na kayo, itaas n'yo ang inyong mga kamay at purihin ang Diyos.

Sige po, Kapatid na Neville.

*TUMITINGIN SA DI NAKIKITA* TAG58-1003
(Looking At The Unseen)

Ang Mensaheng ito ni Kapatid na William Marrion Branham, na orihinal na ipinangaral sa Ingles noong Biyernes ng gabi, Oktubre 3, 1958 sa Branham Tabernacle sa Jeffersonville, Indiana, U.S.A., ay hinango mula sa magnetikong teyp rekording at inilimbag na walang pagbabago sa Ingles. Itong Tagalog na salin ay inilathala at ipinamamahagi ng Voice of God Recordings.

TAGALOG

©2020 VGR, ALL RIGHTS RESERVED

VOICE OF GOD RECORDINGS
P.O. BOX 950, JEFFERSONVILLE, INDIANA 47131 U.S.A.
www.branham.org

## Abiso Ukol Sa Karapatang Maglathala

Ang lahat ng karapatang maglathala ay saklaw ng may-ari lamang. Ang aklat na ito ay maaaring i-print sa home printer para sa personal na gamit o maipamahagi sa iba, nang walang bayad, upang magamit sa pagpapalaganap ng Ebanghelyo ni Jesus Cristo. Ang aklat na ito ay hindi maaaring ibenta, kopyahin nang maramihan, i-post sa website, i-store sa retrieval system, isalin sa ibang wika, o gamitin upang manghingi ng pondo nang walang inilalabas na kasulatang nagpapahintulot galing sa Voice Of God Recordings®.

Para sa karagdagang impormasyon o para sa iba pang ipinamamahaging materyales, kontakin lamang ang:

VOICE OF GOD RECORDINGS
P.O. BOX 950, JEFFERSONVILLE, INDIANA 47131 U.S.A.
www.branham.org